# *Ang Bautismo Ng Espiritu Santo*

Tunay po akong lubos na nagagalak na makita na marami pa rin ang nakadalo sa gabing ito, gayong pinanatili ko kayo hanggang hatinggabi kagabi. Hindi ko akalain na lahat kayo'y makadadalo ngayong araw na ito, pero mukha ngang dumalo kayo sa Sunday school, at napakainam po n'yan.

2 Ngayon ating pinag-aaralan ito at sinisikap na gugulin ang ating oras sa Turo't Aral na ito ng iglesya. At ituturo ko lamang Ito. At ngayon, marahil may mga dayo na kasama natin, na di ko po alam. Di po ako nadadalas sa tabernakulo para malaman ko ang mga miyembro ng iglesya. Pero naianunsyo ko na ito'y para lang sa mga miyembro ng iglesya. Dahil, sa labas, ang mga tao'y maraming iba't ibang doktrina, at iba pa. Buweno, haya't, naniniwala sila sa mga bagay na 'yun. Yun ang itinuro sa kanila na paniwalaan. At—at—at pagkatapos kung dadalo ka sa ibang iglesya, marahil, at nagtuturo sila roon ng isang bagay na salungat mismo, buweno, mangyaring naiisip nila tuloy, "Aba, di ako sang-ayon Diyan." Kita n'yo? Buweno, di naman natin layon na maging walang galang o saktan ang sinuman, na 'yun ang dahilan kung bakit ginagawa natin ito. Ngayon, sige't maniwala lang kayo sa anumang bagay na nais n'yo. Pero kami nga'y. . .Inilalatag ko ito, at kailangan talagang ipagtibay ito nang husto, dahil kinakailangan nating mapatatag itong maigi. Ito kasi ang tinitindigan ng tabernakulo, kita n'yo, 'yan mismo ang tinatayuan natin dito. At, sa ganoon ngang paraan, ay di po namin nais na makaramdam kayo ng pagkaapi at isipin na para bang sinasadya naming saktan kayo sa inyong paniniwala, o para pong ganun. Hindi ganun. At ito nga'y isang . . .

3 Ginagawa namin ito nang pagkalipas ng dalawa o tatlong taon, sa dako rito, at kung ano ba ang tinatayuan namin, na turo't aral, kung ano ang tinatayuan namin, at bakit namin ginagawa 'yun. Kung ano, at bakit namin pinaniniwalaan Ito. At kaya kung may mga dayo rito na di isang—isang miyembro ng iglesya, ikinagagalak namin na makasama kayo na makaupo rito sa pagtatalakay na ito sa umagang ito at pati mamayang gabi.

4 At, pagkatapos, sa Miyerkules ay magsisimula na ang isang regular na gawain sa pagtitipon, o ang ibig kong sabihin, ay sa tabernakulo rito. At medyo matagal-tagal din akong lumiban, para makapagpahinga nang kaunti. Talaga pong sobra, sobra ang pagod ko, at kinailangan kong umalis, at makapagpahinga nang kaunti. At kababalik ko lang, mainam ang pakiramdam,

maganda na ang pakiramdam. At mangyari na luluwas uli ako, pagkatapos na pagkatapos nito, at matagal na di babalik baka sa Enero na. Hindi po ako magpupunta sa mga pagtitipon; ako lamang ay aalis, ipagpapatuloy itong pahinga na ginagawa ko.

5 Pero, mangyari nga na nung pagpasok namin, nalaman namin na ang iglesya'y parang may kaunting mga sama ng loob dito at doon, at may ilang mga miyembro ang parang nagiging maligamgam nang kaunti, inilalayo ang sarili, may kinikimkim na kaunting sama ng loob sa isa't isa, at kung anu-ano pang tulad nun. Haya't lumibot ako, pinuntahan ang isa't pumunta rin sa iba, hanggang sa maayos namin ang mga gusot na ito ngayon. Maayos na ngayon. Kita n'yo?

6 At wala ngang anumang mali. Wala ngang mali sa sinuman sa mga miyembro. Ang bawat isa'y maiinam na kalalakihan at kababaihan. Kung mapagtatanto lang nila na ang diyablo 'yun, na pumapagitna sa mga tao. Ganoon nga mismo. Hindi 'yung mga tao. Kung maibubunsod mo lang na makita 'yan ng isang kapatid, haya't di siya magkikimkim ng galit laban sa kapwa. Siya'y. . .Siya'y—siya'y makakaramdam ng pagkaawa. Makakaramdam siya na parang, "Buweno, kaya. . .naaawa ako sa kapatid kong ito." Kita n'yo, kung nakagawa siya ng mali, haya't, di naman talaga 'yung kapatid na 'yun. Ang diyablo ang gumawa nun.

7 Sasabihin n'yo, "Aba, nakagawa si ganito ng *kung anong*, *kung anong* bagay." Hindi ang kapatid n'yong lalaki ang gumawa nun; hindi ang kapatid n'yong babae ang gumawa nun; ang diyablo 'yun na napasa kanila, na gumawa nun. Kaya huwag n'yong ibunton ang sisi sa kapatid na lalaki, sa kapatid na babae; sa diyablo n'yo ibunton ang sisi, siya ang nagbunsod nung bagay na 'yun.

8 At kaya ngayon po sa mga Turo't Aral na ito ng iglesya, ngayon, marahil kakaiba ang dating ng mga ito sa inyo. Siguro pa nga'y di kayo sang-ayon sa mga ito, hayan nga. Pero amin ngang. . .Ito po ang pinaniniwalaan namin. Pinaniniwalaan namin ito dahil nasa Biblia ito, at itinuturo namin ito sa paraan na 'yun.

9 Ngayon, kagabi po, ang paksa natin ay: *Bakit Hindi Tayo Isang Denominasyon?* Ngayon, isa tayong organisasyon dahil tayo'y isang iglesya, pero hindi tayo denominasyon. At ibinigay ko nga ang mga dahilan kung bakit di tayo denominasyon.

10 Ngayon, sa pagbubukas natin ng diskusyon sa umagang ito, bago natin gawin 'yan, tayo po'y manalangin.

11 Minamahal na Diyos, heto po na sa Banal Mong Presensya muli kaming dumudulog para humiling ng paglilinis ng sarili naming mga isip, aming mga kaluluwa, na maiharap namin ang aming mga sarili sa Iyo bilang isang instrumento na Iyo pong magagamit, at patuloy na magagamit, para sa Iyo mismong

kaluwalhatian. At, Ama, Iyo pong linisin ang aking diwa, at aking pag-iisip, at aking pagsasalita, na di ako sa ganang sarili ko ang mangusap; bagkus pahiran ng Espiritu Santo ang aking mga labi, na haya't gawa sa putik, na ang bubunsod mula rito ay mga Katotohanan na laan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat na mabatid ng Kanyang Iglesya.

12 At hinihiling po namin sa Iyo, hayan nga, Panginoon, na kung Iyong gagawin ito, ay Iyong itulak paatras ang bawat demonyo ng—ng kaguluhan, at bawat demonyo ng pag-aalit at masamang hangarin, palayo mula sa mga tao, nang sa gayon ay pakinggan nila ang Espiritu Santo na mangusap, na ang Diyos ang maluwalhati mula sa aming pagtitipon na magkakasama sa umagang ito. At kung may isa mang bagay sa aming mga puso na sadya ngang di saktong nasa kondisyon, na Ikaw po'y makapangusap sa amin, Oh Diyos, Iyo pong alisin ito mula sa amin, nang kung gaanong ang Silangan ay malayo sa Kanluran. Sapagkat, ang aming isip ay nakatuon lamang sa kalooban ng Diyos, na ito'y gawin. Kaya Iyo pong pangunahan kami sa pamamagitan ng Iyong Banal na Espiritu, sa pagtatalakay na ito patungkol sa Iglesya at sa Turo't Aral Nito, at kung ano ang pinaninindigan Nito, at kung bakit ganoon ang pinaninindigan Nito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

13 Ngayon, kagabi po'y inilalahad natin 'yung—'yung kaisipan kung bakit hindi tayo isang organisadong denominasyon. At tayo. . . Heto po't isang munting pambungad lang para rito. Ay dahil nasumpungan natin, na, sa isang denominasyon, 'yun po kasi'y gumagawa ng harang.

14 Ngayon, marami tayong tinalakay. At natalakay natin 'yun, kung bakit di natin tinatanggap ang mga ministrong babae sa iglesya, natalakay natin 'yan kagabi.

At sa umagang ito sisikapin natin, ang paksa na ito, kung maaari: *Ang Bautismo Ng Espiritu Santo*, at kung bakit tayo naniniwala sa bautismo ng Espiritu Santo, at kung paano ba dumarating ang bautismo ng Espiritu Santo, at kung ano ang ginagawa Nito, at kung papaano Nito pinabubunsod kayo na kumilos pagkatapos.

15 At pagkatapos mamayang gabi, kung loobin ng Panginoon, nais kong mangusap sa paksang, "Ang binhi ng serpiyente, patungkol rito sa panahon na ito." Ngayon, di naniniwala ang mga tao sa binhi ng serpiyente, pero Kasulatan po 'yun. Kita n'yo? Ngayon, di alintana . . .

16 Ngayon, ito, kung may pagka matapang po ang paglalahad ko nito, di po 'yun dahil sa may galit ako na idinidirekta sa inyo—sa inyo na mga minamahal ko. Ang tanging mithi ko rito na pinagsusumikapan ko ay ang maipahatid talaga ito sa inyo na tumimo talaga, at magiging matapang po ang paglalahad nito, kita n'yo. Mangyari nga na kinakailangan mo talagang

magsalita na may pagka. . .Haya't kung basta sasabihin n'yo lang, "Johnny, maupo ka," baka di siya makinig sa ganun. Pero kung ang pagsasabi n'yo ay, "Johnny, maupo ka nga!" Aba'y si Johnny nga'y talagang magbibigay ng atensyon dun. Kaya ngayon tayo'y mapapasigaw mismo ng, "Johnny, maupo ka nga," sa umagang ito. Kita n'yo? Sige. Hangad ko na makapangusap sa inyo nang ganun nang sa gayon maunawaan n'yo na talaga pong seryoso tayo rito. Kita n'yo?

17 At kung may masabi man tayo na kung anong bagay na taliwas sa inyong pag-iisip, at sa inyong paniniwala, di po tayo kumikiling sa kung anong isa. . . Alalahanin n'yo, na, dito po sa iglesyang ito sa pagiging inter-denominasyon, naniniwala kami na mapa-Baptist, Methodist, Presbyterian, Lutheran, Katoliko man, Protestante, mapa-Judio man, ano pa man siya, basta't isa siyang kapatid, siya'y aming kapatid, siya nga, kahit na ano pang denominasyon siya kasapi. Hindi 'yun ipampipigil ng Diyos laban sa tao na 'yun, na naroon sa isang denominasyon.

18 Pero, ang rason kung bakit ganyan ang mga denominasyon. Ngayon, heto po ang nagpasimula ng mga denominasyon. Ang Diyos ay maghahayag ng isang maliit na bagay sa isang tao, at ang mga tao'y magsasama-sama't gagawa ng denominasyon sa palibot ng paniniwala na 'yan na taglay nila, at kaya naman ang Diyos ay di makausad-usad sa ganun.

19 Kaya papaano matatanggap ngayon ng mga Methodist ang isa pang bagay liban sa ikalawang pagkilos ng biyaya? Kanila na kasing pinaging denominasyon ang mga sari-sarili nila sa ilalim nun. Mangyaring papaano magagawa ng mga Baptist na maniwala sa isa pang bagay liban sa kung ano 'yung kanila nang. . . "Ang ganap. . . " O, ang mga Lutheran, ang ibig kong sabihin, "Ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Yun 'yung bagay na nagpa-denominasyon sa kanila. Kaya papaano makakausad ang mga Baptist nang mas usad pa kaysa sa narating nila? "Mangyaring, kapag mananampalataya ka, ay matatanggap mo ang Espiritu Santo. At ilulubog sa tubig, at 'yun na 'yun." Bakit? Doon na kasi sila napaging denominasyon. Kita n'yo? Bakit nga ba ang mga Pentecostal ay naniniwala, na, "Kapag nakakapagsalita ka sa iba't ibang wika, kamit mo ang Espiritu Santo, at 'yun na 'yun"? Dahil napaging denominasyon sila sa bagay na 'yun. Kapatid, ang mga bagay na 'yan marahil, bawat isa na 'yan, ay maiinam, pero di nga tali ang Diyos sa kung anong munting denominasyon. Siya nga'y lumalaganap sa buong kalawakan na 'yun, ganoon mismo. At—at ating—ating sinasampalatayanan 'yan.

20 At 'yan ang dahilan kung bakit di tayo kailanman nagiging denominasyon. Binibigyan tayo ng Panginoon ng oportunidad na pag-isahin ang munting iglesya na ito sa maraming iba't ibang denominasyon, pero di natin ginagawa. Dahil, nais natin na manatili nang ganito nang sa gayon mapasailalim ito sa

pamamahala at pamumuno ni Jesus Cristo. Ganoon nga. Ano man ang ihayag Niya sa atin, at nakikita natin na ’yun ang Katotohanan, at nakalinya mismo sa Kanyang Salita, nang pabalik man at pausad man sa kabuoan ng Biblia, na ’yun ang Katotohanan, at ang Espiritu’y sumasang-ayon dun, wala nga tayong pang-denominasyong harang para hadlangan tayo mula sa pagtanggap Dun. Tayo’y umuusad mismo Rito, at talagang nagpapatuloy lang.

21 At kaya naman kapag sinasabi-sabi ng denominasyon, gaya na lang ng church of Christ, haya’t sila’y nasa ilalim ng isang denominasyon, itong naturingan lang na Iglesya ni Cristo, na sinasabing, “Ang mga araw ng himala’y lipas na, at lahat ng mga bagay na gaya nito.” Haya’t, saan mo nga masusumpungan ’yan sa Kasulatan? Pero wala nga silang magawa tungkol sa bagay na ’yun. Sila kasi’y napaging denominasyon na sa ilalim nun, kita n’yo, kaya wala kayong magagawa patungkol dun.

Pero ang hangad nati’y maging malaya, kung saan tayo’y makakakilos habang ibinubunsod ng Espiritu na kumilos tayo, sa pamamagitan ng mas malalalim na kailaliman at mas matataas na kataasan, at sadya ngang umusad, nang umusad, nang umusad, nang umusad, nang umusad, nang umusad, sa kung saan man.

22 Pero mangyari ngang di tayo tatanggap ng pagka-panatiko. Doon tayo naglalagay ng linyang-guhit. Kung may isa na nakakuha ng munting kung anong bagay na inihayag daw sa kanya ng Panginoon, at di naman ’yun tumutugma sa Bibliang ito, tugaygayin mang maigi ang Biblia mula Genesis hanggang Apocalipsis, na gagawin pang doktrina ’yun, mangyari nga na di natin tatanggapin ’yun. Kita n’yo? Kinakailangan kasing galing mismo ’yun sa Biblia. At di maaari na galing lang sa kung kaninong kapahayagan. Kung ang kapahayagan ay tugma mismo sa Salita, mainam ’yun.

23 May lalaki na lumapit sa akin noon, medyo may katagalan na rin, at sabi niya sa akin, “Kararating ko lang ng Estados Unidos, Kapatid na Branham.” Sabi niya, “Ngayon, may nakilala akong isang Cristianong kapatid na babae, at,” sabi, “ang Cristianong kapatid na babaing ito ay isa sa pinaka kalugud-lugod na kababaihan. Pero,” sabi, “nalaman nila na may tatlo o apat na asawa na pala siya. At,” sabi, “na—na, nung panahon na nakilala ko siya, hayan nga’t tatlong buwan pa lang ako rito, ang babae na ito’y nakipaghiwalay sa isang ito at nagpakasal sa panibago na naman.” At sabi, “Ang kapatid na ito’y may Espiritu Santo, nakapagsasalita sa iba’t ibang wika nang sadya ngang ganap sa tuwina, palagi, at,” sabi, “nakakapag proklama ng mga propesiya at kapahayagan.” Sabi, “Isa siyang tunay na puspos-ng-Espiritung kababaihan. At isa rin siyang babaing ministro.” At sabi, “Ako nga’y dumulog at tinanong ko ang Panginoon, ‘Papaanong nangyayari ang *ganito-at-ganoong*

bagay? Papaanong nagagawa ng babaing ito ang bagay na gaya nun?'" At sabi, "Napanaginipan ko ang asawa kong babae. At ang asawa kong babae'y may iba raw lalaki, na bagay ngang imoral. At pagkatapos," sabi, "ang asawa ko'y pumunta sa'kin at lumuhod sa paanan ko at nagsabi, 'Mapapatawad mo ba ako sa bagay na nagawa ko?'" Sabi niya, "'Oo, mapapatawad kita.' At sabi, 'Bakit ganoon na lamang na buo sa loob mo na pinapatawad mo ako?' Sabi, 'Dahil mahal kita.'" Tapos sabi, "Nagsalita ang Panginoon sa panaginip na 'yun at nagsabi, na, 'Yan ang dahilan kung bakit pinatatawad ko ang babaing 'yun, ay dahil nga iniibig Ko siya.'"

24 Sabi ko, "Ginoo, talagang kalugud-lugod 'yang panaginip mo na 'yan. Kalugud-lugod talaga, pero hindi ang Panginoon ang nagbigay sa iyo ng panaginip na 'yan. Hindi kasi 'yan tumataguyod sa Kanyang Salita." Ganoon nga. Hinding-hindi 'yan uubra sa Kanyang Salita. Kahit na gaano pang mukhang totoong-totoo, kinakailangan kasing nanggagaling mismo sa Salita.

25 Sa Lumang Tipan, may tatlong pamamaraan sila noon para matalos ang isang mensahe. Una, hayan nga, ang mismong kautusan; sunod, sa pamamagitan ng isang propeta; sunod, ay sa pamamagitan ng isang mapapanaginipin. Ngayon, ang kautusan ay isinulat na mga artikulo na itinatago sa kaban, at 'yun ang mga kautusan at ang mga batas ukol sa mga kautusan. At pagkatapos may propeta na maaaring magpropesiya, o mapapanaginipin na maaaring managinip ng panaginip. Na, ang Diyos ay nakikipag-ugnay pareho sa mga pamamaraan na ito, sa pamamagitan ng mga propeta at sa pamamagitan ng mga panaginip. "Kung may isa sa kalagitnaan ninyo na espirituwal, o isang propeta, Ako na Panginoon ay ihahayag Ko ang Sarili Ko na mapagkilala sa taong ito sa—sa—sa—sa mga panaginip, at ihahayag Ko ang Sarili Ko sa taong ito sa mga pangitain. At kung ang bagay na sabihin ng taong ito ay mangyari, kung ganoon ay pakinggan n'yo siya, dahil Ako'y sumasa kanya. Kung hindi, huwag n'yo siyang pakinggan."

26 Ngayon, kapag may iprepresenta sila roon na isang may propesiya, propeta, o isang mapapanaginipin, at (sila) siya ay may panaginip o isang propesiya, at gusto nilang malaman kung 'yun ba'y katotohanan o hindi, dinadala nila siya sa isang bagay dun na kung tawagin ay Urim Thummim.

27 Ngayon, alam ko na marahil, sa ilan—ilan sa inyo, medyo matigas ang pananalita na ito. Pero isa nga 'yung, 'yun nga'y isang. . .Hayan nga si Aaron na siyang punong saserdote sa buong—buong labindalawang lipi ni Israel, may anim na mga bato siya sa magkabilang gilid ng pektoral. At bawat isang bato ay bato ng kapanganakan ng lipi, katulad na lang ng sa lipi ni Judah, lipi ni Gad, lipi ni Reuben, lipi ni Benjamin. Ang bawat isa'y may bato ng kapanganakan. At pagkatapos kapag

ang bato ng kapanganakan na 'yun. . . Nakasabit 'yun sa isa sa mga gulod ng simbahan, o gilid na haligi. At kapag dinala na nila roon ang propeta na ito na may propesiya na sinabi niya na ang Panginoon ay may gagawin na isang partikular na bagay, at siya nga'y dadalhin nila rito, at sasabihin niya ang kanyang propesiya, o sasabihin niya ang kanyang panaginip. Ngayon, kung ang Diyos ay nasa panaginip na 'yun o propesiya na 'yun, ang mga liwanag na 'yun ay magsisimulang magsanib at tila ba magpapalabas ng isang bahagharing kulay na maaaninag, isa ngang Sobrenatural na katugunan. Kita n'yo? Ganun nga. Na may pagkakasundo sa bawat bato na naroon, na bawat bato'y isinasanib ang bahagi nito sa paglalakip, na ipinapaaninag pabalik taglay ang katugunan ng Diyos, "Ang lalaking ito ay isang propeta. Sinasabi niya ang katotohanan." O, "Ang panaginip na 'yan ay ipinadala Ko." Pero kung mananatili lang 'yun na walang nangyayari at walang pagkilos, wala nga akong pakialam kahit na gaano pang tila totoo 'yun, mali 'yun. Di nila 'yun tatanggapin.

28 Napakagandang larawan nga ito sa ngayon. Ngayon, ang Urim Thummim ng Lumang Tipan ay di na ginagamit ngayon, dahil nagkaroon ng pagpapalit ng pagkasaserdote. Ngayon ang Urim Thummim ay ang Salita ng Diyos, ang Biblia. Siyanga, po. Dito po, ang sabi ng Biblia, "Ibunsod na ang bawat salita ng tao'y kasinungalingan, at ang Akin ang katotohanan." At kahit na gaano pang tila totoo ang itsura nun sa pagsasaysay ng tao, o kahit na gaano pang tila totoo ang panaginip niya, o ang kapahayagan niya, kung ito nga, ang bawat Aklat ng Biblia, ang buong Biblia mismo, ay hindi magpapaaninag ng liwanag Dito, para ipakita na 'yun ang Katotohanan, isantabi n'yo, isantabi n'yo.

29 Ngayon, magagawa n'yo ngang kumuha ng isang munting piraso ng Kasulatan dito, at sasabihin, "Ginawa ni Jesus 'yung *ganito-at-ganoon* at kinakailangan na gawin din natin 'yun," magagawa n'yo nga na papagsabihin Ito ng kung anong bagay na gusto n'yong sabihin Nito. Pero kinakailangan nga na ito mismo'y tumutugaygay at ganap na lumilinya roon sa Salita ng Diyos, upang masabing tama talaga, na sinasabi 'yun mismo ng Diyos. *Ito* ang Kanyang Urim Thummim.

30 Kaya naman, ang Diyos ay di kailanman, sa anupamang kapanahunan, nagkaroon ng kung anong denominasyon ng mga iglesya. Sige't sabihin n'yo nga sa akin kung kailan. At, ngayon, hindi nagkaroon ng denominasyon hanggang tatlong daan at animnapung taon pagkatapos ng kamatayan ng pinaka huling alagad. Yun ang iglesyang Romano Katoliko. At lumabas mula sa. . . Ang iglesyang Romano Katoliko, tinawag siya ng Diyos, sa Biblia, sa Apocalipsis 17, "na isang patotot." Isa 'yung di malinis na babae. At mula roon, nagkaroon siya ng mga anak na babae, at ang mga anak na babaing 'yun ay mga patotot din,

na di malinis kagaya niya. Yan ang sinabi ng Kasulatan. At ang iglesyang Romano Katoliko ang nag-anak mismo sa lahat ng Protestanismo, at sila nga'y bumaling at ginawa ang siya ring bagay na ginawa niya.

31 At ang dahilan kung bakit siya di malinis, haya't may saro siya ng mga doktrina sa kanyang kamay, na alak ng kanyang galit ng kanyang pakikiapid. At ibinigay niya 'yun sa mga hari ng lupa, at nakaupo siya sa ibabaw ng "maraming tubig," at namumuno sa ibabaw ng mga pinuno ng lupa. Nasumpungan natin 'yan sa Biblia. Nasumpungan natin na siya'y nakaupo sa ibabaw ng pitong burol, isang iglesya. Nasumpungan natin ito. Nasumpungan natin na napuputungan siya ng tatlong-patong na korona: hurisdiksyon sa impyerno, langit, at purgatoryo. Ganun nga. At mangyaring isang tao mismo na pinuno nun; isa siyang anticristo, nakaupo sa templo ng Diyos, na ipinapakita niya ang sarili na siya raw ay Diyos, na pinatatawad ang mga kasalanan ng lupa. Nasumpungan natin ang lahat ng ito, haya't tinugaygay mismo at nakita na ganoon mismo.

32 Sabi, "Heto ang para sa kanya na may karunungan." Atin ngang nasumpungan ang Espiritu na patuloy na nangungusap nang may pagpapahayag, "Sa kanya na may karunungan; sa kanya na may karunungan; sa kanya, na iba't ibang espiritu, mga kaloob." Hindi n'yo ba nakikita ang Diyos na pinakikilos mismo ang Iglesya sa huling mga araw? May Iglesya mismo na babangon at babangon na puspos ng mga espirituwal na mga kaloob, mga tunay na kaloob ng Diyos. "Heto ang sa kanya na may karunungan. Bilangin niya ang bilang ng hayop, sapagkat ito'y ang bilang ng tao. Ang bilang niya ay anim na raan at animnapu't anim." At nasumpungan mismo natin kung saan 'yun, nang saktong-sakto. Wala na ngang mas sasakto pa. Isulat n'yo 'yun, mismo, isang "vicarivs," na bikaryo ni Cristo, isang "filii" ng Diyos, VICARIVS FILII DEI, at tingnan n'yo kung hindi ba't, sa inyong numerong Romano, at sige't tingnan n'yo kung hindi ba't ang makukuha n'yo ay anim na raan at animnapu't anim. Tingnan n'yo nga kung hindi ba't lumulugar mismo, na anupa't hindi sa kung anong ibang mga bagay na haka-haka lang ng *ganito* o *ganoon*, bagkus nakalugar mismo sa kung saan sinasabi ng buong Kasulatan na ito'y mauupo.

33 At heto tayo, na mga Protestante, nagsilitawan. Ngayon, anupa't ang bagay na pinagsusumikapan pa man din nating gawin sa panahon ngayon ay ilantad at ipakita ang doktrina na ibinunsod ng iglesya Katoliko, at ibinubunsod, na haya't atin pa mismong kinuha 'yun at dinala rito sa iglesyang Protestante. At haya't 'yun ang ibinibigay natin sa mga tao, aba'y ang siya ring saro ng espirituwal na mga pakikiapid na ibinigay niya. Dahil, di sila ukol sa Kasulatan. Sila'y gawang-tao lang. Isa 'yung huwad na propesiya. Isa 'yung kasinungalingan. Yun ay sa diyablo.

34 At pagkatapos nasumpungan natin, haya't kaunting pambungad lang, para maipakita 'yan, ang kapanahunan na kinabubuhayan natin. At nadaanan natin 'yun kagabi, na, ang isang—isang bata na ipinanganak sa labas, ilehitimong anak, ay di maaaring magtungo sa loob ng kongregasyon ng Panginoon hanggang sa labing-apat na henerasyon. Aabot 'yun nang apat na raang taon; apatnapung taon kasi ang isang henerasyon. Ganoong katerible ang kasalanan! Ganoong katerible, anupa't di lang noon, kundi mapasa hanggang ngayon. At kung nasa ilalim 'yun ng kautusan . . .

35 Haya't si Cristo'y dumating para patindihin ang kautusan. Ang sabi Niya, "Narinig ninyo na sinasabi nila noon, sa unang panahon, 'Huwag kang papatay'; pero sinasabi Ko sa inyo, sino man ang mapoot sa kanyang kapatid, nang walang dahilan, ay nakapatay na." Pinatindi 'yun. "Narinig ninyo na sinasabi nila noon, nung unang panahon, 'Huwag kang mangangalunya,' na aktuwal mismo na gagawin 'yun; pero sinasabi Ko sa inyo, sino man ang tumingin sa isang babae, at magnasa nang masama sa kanya, ay nangalunya na." Pinatindi 'yun, nang makalibong beses. Buweno, kung kinakailangan nga mismo ng labing-apat na henerasyon para kumupas 'yun, papaano pa kaya kung ang salamin ng Diyos na nagpatindi nun ay itinapat dun?

36 At hayan nga ang mga tao, mga kabataang disi ang edad sa hayskul, na nagkakasayahan sa mga serbesa, at pag-iinuman, at ganun ang pamumuhay . . . at ang mga munting kabataang babae'y nabubuhay sa pangangalunya, mga munting kabataang lalaki, at sa ganoong mga bagay. Ano pa kayang klaseng henerasyon ang darating pagkatapos nito? Anong nagbubunsod sa mumunting mga kabataang babae na ito na kumilos nang katulad nun? Ang nanay nila kasi'y isang imoral, at ang lola ay dating mang-aawit at mananayaw. At sinabi Niya na Kanyang dadalawin ang kasamaan ng mga magulang sa mga anak at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ika-tatlo at ika-apat na henerasyon. Ano pa bang aasahan n'yo?

37 At kapag ang buong mga bagay na 'yun ay magsimulang kumalat, at ang matuwid na binhi'y magsisimulang maisantabi sa isang gilid, na pakaunti nang pakaunti. At ang masama ay patuloy pa rin, anupa't napaka relihiyoso mismo, pero talagang pasama nang pasama, at mas lalong masama at mas lalo pang masama, na wala nang natitirang anupang ibang bagay kundi ang wasakin na lang ang buong bagay na 'yun gaya ng ginawa Niya noon dun sa pangmalawakang paggunaw sa baha. Bawat isipin mismo ng tao'y patuloy na punung-puno ng kasalanan. Lahat ng isipin ng tao sa panahon ngayon ay bote ng wiski, o pambababae, o kung saan-saan pupuslit, di makapamuhay nang tapat sa kanilang asawa. Ang mga kalalakihan ay di makapamuhay nang tapat sa kanilang asawang babae. Ang mga kababaihan ay di makapamuhay nang tapat sa kanilang

asawang lalaki. Naku't, nasadlak sila sa isang dako na talagang taling-tali sila ng diyablo at sila'y inaalihan ng masasamang mga espiritu, anupa't ang buong 'yun ay naging isang buong kalipunan ng kasalanan. Yan ang dahilan kung bakit narito na tayo sa panahon na ito. At 'yan ang dahilan ang Rusya ay sadya ngang gumaganap lamang nang eksakto sa mga kamay ng Diyos, para yugyugin ang bagay na ito palayo mula rito. Yan mismo ang sinasabi ng Biblia. Tunay. Ginagamit ng Diyos ang komunismo. Gagamitin Niya. Wawasakin ng komunismo ang buong bagay na 'yun, sang-ayon sa Kasulatan, at narito na tayo sa panahon na ito.

38 Ngayon, pinalilitaw na ang mga bagay na ito, kita n'yo. Pakinggan n'yo, mga kapatid, humaharap kayo rito. At kayo, ito'y . . . Ito mismo ang magpapasya ng Walang Hanggan n'yong patutunguhan, kaya huwag n'yo itong ipagsawalang-bahala. Tingnan n'yo ito sa—sa Urim Thummim kung umaaninag, kung papaano nito pinapaaninag ang mga Salita.

39 Ngayon, sa pangungusap natin ng mga bagay na ito, haya't tingnan n'yo kung ang mga ito'y tumataguyod sa Biblia, sige't tingnan n'yo kung tumatama mismo sa sinabi ng Kasulatan.

40 Ngayon, bawat iglesya, kapag sasabihin n'yo, "Cristiano ako." "Anong denominasyon ka kabilang?" Anong diperensya dun, kung anong denominasyon ang kinabibilangan niya? Heto nga't nasumpungan natin na ang denominasyon ay walang kinalaman sa Biblia ng Diyos. At lahat ng mga denominasyong Protestante ay mga patotot. Yan mismo ang sinabi ng Biblia. Kung sasabihin n'yo na kayo'y Methodist, isa kayong Methodist na patotot. Kung sasabihin n'yo na kayo'y Baptist, isa kayong Baptist na patotot. Kung sasabihin n'yo na kayo'y Pentecostal, isa kayong Pentecostal na patotot. Yan kasi mismo ang sinabi ng Biblia. Mangyaring, siya ay, "Ina ng mga patotot." Ngayon, kung 'yan lang ang buong taglay-taglay n'yo . . .

41 Ngayon, mangyaring kung kayo nama'y nakikipagbuklod sa denominasyon na ito at sa kabila nun ay isang Cristiano, isa kayong Cristiano; at di kayo Methodist, di kayo Baptist, di kayo Pentecostal. Cristiano kayo. Hindi't, aba't, mangyaring pati 'yung . . .

42 May napakinggan akong talakayan nitong umaga sa radyo, habang naghahanda akong pumarito sa iglesya, dito sa isang Cristianong paikot na diskusyunan sa Louisville. At ang mga kaiglesyaha'y kinuha't pinalalaganap na nila ang programa ng pagtuturo sa kanilang mga anak ng modernong pag-iinom.

Anupa't bakit sangkumpol na mga hangal ang ibinubunga natin? Bakit ganoon? Dahil 'yung kanilang nanay at tatay sa tahanan ay mas walang kaalam-alam tungkol sa Diyos kaysa sa isang Hottentot na mas may alam pa tungkol sa mandirigmang Egipcio. Umiwas kayo sa ganyang bagay nang buong-buo. Di

n'yo kailangang papag-moder- . . . papag-modernuhin ang sarili n'yo. Nagbubunga lang kayo ng mga lulong sa alak kapag ganyan ang gagawin n'yo. "Oh, hayaan na lang natin si iha na gawin 'yung *ganito*, at hayaan lang natin si iho na gawin 'yung *ganito*," at kung anu-ano pa. Anong aasahan n'yo? Di na tayo aabot sa isang panibagong henerasyon. Di natin magagawa. Nasa huling kapanahunan na tayo.

43 Mangyaring, di ko gusto na ituring n'yo ako na kung anong huwad na nababaliw na. Marahil ganoon nga; kung ganun ako, sadyang ako lang . . . Mangmang lang ako dun.

44 Sabi ko sa maybahay ko na nakaupo riyan. Sabi ko, "Meda, ako ba'y naging isang relihiyosong panatiko na? Nawawala na ba ako sa katinuan? O, ang Espiritu ng Diyos ay di lang talaga maatim ang mga bagay na 'yan, labis-labis na ang paghiyaw? May kung anong bagay kaya rito na nagbubunsod sa akin na tumaliwas sa sarili kong pag-iisip, sarili kong paghahangad?" Sabi ko, "May tatlong bagay lang kasi. Maaaring nawawala na talaga ako sa katinuan . . . " Kung ganun nga, di ko alam. Ako'y may pagka-nerbiyoso, may pagka-balisa. Yun ang kalikasan ko. Yun ang dulot sa akin ng kaloob ko, pero, yamang isa akong ministro. Pero ako—ako'y . . . "Alinman 'yan sa nawawala na talaga ako sa katinuan, o nagiging panatiko na ako, o Espiritu talaga 'yan ng Diyos." Yun—'yun nga'y alinman sa mga bagay na 'yan.

45 Pero, di ko talaga kayang maatim na makita ang mga bagay na 'yan, at may bagay nga sa loob na sadyang humihiyaw. At sa kabila nun ay alam ko, na base sa Biblia, na ang bagay na 'yan ay mangyayari't mangyayari naman. Kaya anong mabuting maidudulot ng paghiyaw? Mangyaring papaano titindig ang Diyos sa Paghatol at iwawaksi ang henerasyon na ito rito kung wala Siyang tinig na sumisigaw laban dito, para magdala ng kahatulan? Ano ngang kahihinatnan ng mga Fariseo, kung walang Juan na sisigaw mula sa ilang? Ano ngang mabuti ang maidudulot nun, kung sasabihin ko sa inyo, "Di nila dapat gawin 'yung *ganito*, at di dapat gawin 'yung *ganito*, at di dapat gawin 'yung *ganito*, at di dapat gawin 'yung *ganito*. At kayo'y kailangang mapuspos ng Espiritu"?

Dadaan-daan lang sila dun at magsasabi, "Wala na siya sa katinuan! Hangal! May diperensya na siya!"

Buweno, ano ngang mabuting maidudulot? Mangyaring, ang Diyos kasi'y kinakailangan na may tinig. Kailangang may magsabi't magsabi mismo, ano't anuman, nang sa gayon Siya ay makapagdala ng kahatulan, sasabihin, "Hayun 'yun. Di n'yo puwedeng ikatwiran na wala kayong nalalaman dito." Ganun nga. At kung di kayo sisigaw, anong gagawin Niya? Mayroon at mayroong bagay na hihiyaw, sa loob n'yo. Di n'yo 'yun kayang pigilan.

46 Ngayon, ngayon nasumpungan natin, pagkatapos, na nung tugaygayin natin ’yung kasunod na bagay na tinalakay natin dito, nalaman natin, na—na, ang rason pala kung bakit di tayo ukol sa denominasyon. Haya’t naniniwala naman tayo na may mga Cristianong ipinanganak na muli, na mga banal na tao, sa Methodist, Baptist, Presbyterian, Pentecostal, at marami pa sa iba. Naniniwala tayo na ang Iglesya ng Diyos ay ang Binhi na ’yun na nahalo dun sa lugar na ito rito’t tumugaygay, at ’yun ay dumating gaya ng napangusap natin kagabi, at tatalakayin pa natin ’yan nang husto, ang paunang pagtatalaga. Di nga ’yun na ang Diyos ay nagtatalaga ng kung anu-ano na lang, bagkus, sa pamamagitan ng paunang kaalaman ay nakapagtalaga Siya, dahil nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay.

47 At nalaman nga natin kagabi na walang kahit sino ang maliligtas pa lang, katulad na lang sa gabing ito, at dun pa lang mailalagay ang pangalan nila sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Ang pangalan n’yo nga’y alinman sa naroon na’t nakalagay na mismo sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa magpasimula ang mundo, o wala talaga ’yun dun o di kailanman malalagay dun. Nalaman natin, na nung paslangin ng Diyos ang Cordero bago itatag ang mundo, pinaslang na kayo kasama ng inyong Cordero. Sinasampalatayanan n’yo ba ’yan? Sige’t hanapin lang natin pansumandali.

48 Bumuklat tayo sa mga Apocalipsis, simulan sa, Apocalipsis 17 o. . .Apocalipsis 13:8, at sumpungan dito kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa—tungkol sa kung. . .kung kailan pinatay ang Cordero. Tingnan n’yo kung Ito ba’y pinatay noong A.D. 33, o A.D. 33, o kung Ito ba’y pinatay sa ano. . .kung kailan Ito pinatay. Sige. Ngayon, ito po ang Estados Unidos ukol sa propesiya rito, hayan nga. Ngayon mababasa natin ito.

> *At ang lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya* (Ano raw? Ang hayop.)*, na ang kanikaniyang pangalan* ay *hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan.*

49 Kailan pinatay ang Cordero, dalawang libong taon ba ang nakararaan? Marahil daang milyong taon ang nakararaan. Bago pa mabuo ang patatagan ng mundo, si Jesus Cristo’y namatay na para sa ating mga pagkakasala. Oh, hayan nga’t napupuspos ako nang lubos ngayon. Bago pa noon nagkaroon ng mundo, namatay na si Jesus Cristo para iligtas ’yun.

50 “Buweno,” sasabihin n’yo, “kung ganoon ay bakit itinulot ng Diyos, na Diyos na walang hangganan, na hayaang pumasok ang kasalanan?”

Alam n’yo, may mga katangian mismo sa Diyos. At kung di pinahintulutan ng Diyos si Satanas. . .Batid na Niya, nung likhain Niya si Lucifer, na ito ang magsasalaula ng mundo.

Oh, ang Diyos nga nati'y hindi kung anong maliit na bagay lang, na puwedeng ipagtulakan na lang sa isang sulok, bagkus Siya'y ang Diyos na walang hangganan na anupa't Siya nga'y walang pasimula o di kailanman magkakaroon ng katapusan. At, sa Kanya, Siya'y nasa Kanyang mga katangian. Na Siya'y isang Tagapagligtas. At papaano nga Siya mapagkikilala na isang Tagapagligtas kung walang bagay na ililigtas? Papaano nga natin malalaman . . .

51 Alin ang nauna? Sige't, tatanungin ko ang katanungan na ito. Alin ang nauna, ang Tagapagligtas o ang makasalanan? Buweno, kung ang nauna'y ang Tagapagligtas, at mangyaring mas mataas ang Tagapagligtas kaysa sa makasalanan, papaano nga nagkaroon ng makasalanan? Kung walang makasalanan, di nito makikilala Siya bilang isang Tagapagligtas. Alin ang mas makapangyarihan, ang tagapagpagaling o ang taong may sakit? Mangyari ngang kinukuha ng tagapagpagaling ang sakit at winawasak 'yun. Alin ang nauna, isang Diyos o isang kanser? Aba, ang Diyos, ang nauna. Bakit Niya pinahintulutan ang—ang karamdaman kung ganun? Dahil, kung pupuksain Niya 'yun doon pa lang sa una, ibubunsod Niya na di 'yun mangyari. At yamang Siya'y walang hangganan, alam Niya na 'yun ay mangyayari. Pero heto nga, kung di Niya—di Niya, kung wala ngang karamdaman na nabunsod, kung ganoon di Siya makikilala bilang isang Tagapagpagaling. Pero yamang Siya'y isang Tagapagpagaling, kinakailangan na may karamdaman. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ngayon, nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay.

52 Ngayon, sa Apocalipsis 13:8, pakinggan n'yo. "At ang Cordero ay pinatay" (Kailan?) "bago itatag ang sanlibutan." Ang Diyos sa Kanyang walang hanggang isipan, nakatunghay sa mga agos ng panahon, at nakita Niya ang mangyayari, at kung papaano Siya lilikha't bababa rito sa oras na ito ng espasyo, para gampanan mismo kung sino Siya talaga.

53 Bakit nga kayo na mga kabataan . . . kayo na kalalakihan na may mga asawa na, bakit n'yo sinusubok ang isang babae at tinitingnan n'yo kung ano siya talaga. Ganun nga. Isalang n'yo ang isang lalaki sa isang pagsubok, sige't magsalang ng bote sa ilalim ng bibig niya, kung siya'y isang lulong sa alak. Sasabihin nga nun kung siya ba'y nasagip na mula roon o hindi. Kung ang lalaki'y isang tampalasan, isang mapagsamantalang umaaligid, isang pariwarang manunugis na nangwawasak ng tahanan ng ibang lalaki; maglantad kayo ng babae at iharap siya . . . ang babae'y iharap sa kanya, at dun malalaman kung anong klase siyang lalaki. Ganun nga. Tunay.

54 Ang Diyos, para ipakita ang Kanyang kapangyarihan, para ipakita kung ano Siya, na Siya'y isang Tagapagligtas, haya't pinahintulot Niya na magkaroon ng makasalanan.

55 Gaya ng nabanggit ko na noon, papaano aawit ang mga Anghel ng mga kuwento ng pagtutubos, kung di nila nalalaman kung ano ba mismo ang ibig sabihin ng pagtutubos? Pero, tayo nga'y maaawit natin ito. Alam kasi natin kung ano ang lagay na maligaw at ang kahalagahan ng matagpuan. Kung di n'yo naranasang maligaw, di n'yo malalaman ang halaga na kayo'y matagpuan. Sila na mga naligaw, ang nakakaalam ng halaga nun. Sila na mga may karamdaman, ang nakakaalam kung paano magalak sa mabuting kalusugan kapag dumating na 'yun. Yung sobrang hamak na tao na pagala-gala sa lansangan, na wala man lang kaibigan, at wala man lang kahit sino para maakbayan nila, at walang kahit sino para tingnan man sila at isaalang-alang sila; 'yung taong 'yun ang nakakaalam kung ano mismo ang ibig sabihin ng tunay na kaibigan, na maaakbayan. Tunay, kayo man ay mababatid n'yo.

56 Papaano nga natin malalaman kung paano kaluguran ang liwanag ng araw na ito, kung walang gabi? Papaano n'yo malalaman kung paano kaluguran ang isang maaliwalas, na magandang araw, kung walang maulap na araw? Papaano n'yo malalaman kung paano kaluguran ang isang mainit na liwanag ng araw ng tag-init, kung wala ngang taglamig? Ang batas ng ayon at kontra. Napapalayo na ako, sa aking paksa. Di 'yan ang pakay kong gawin. Buweno.

57 Apocalipsis 17:8, kung saan tayo, sa kaunting sandali lang ngayon, para ipakita ngayon. Ang Cordero'y kailan pinatay? "Bago itatag ang sanlibutan." Buweno. Apocalipsis 17:8.

> At *ang hayop* na *nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman, at* patutungo *sa kapahamakan: at silang mga nananahan* sa *lupa ay manggigilalas, na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula—sa aklat ng buhay mula* (kailan?) *nang itatag ang sanglibutan,* . . .

58 Kailan nailagay ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay? Gaya ng sabi ko kagabi, 'yung lalaking nagsulat ng awiting 'yun, "May bagong pangalan na nasusulat sa Kaluwalhatian, at ito'y akin, ito'y akin," kung ipapakahulugan ay tama siya, pero ayon mismo sa Kasulatan mali siya. Ang pangalan n'yo ay di naisulat nung gabi na lumapit kayo kay Cristo.

Sabi ni Jesus, "Lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin. At walang makalalapit maliban na siya'y palapitin ng Aking Ama. Lahat ng magsisilapit sa Akin, sila'y pagkakalooban Ko ng Walang Hanggang Buhay, at ibabangon siya sa huling araw. Wala ni isa sa kanila ang mawawaglit. Sa Aki'y walang nawawaglit, dahil walang sinuman ang maka aagaw sa kanila mula sa kamay ng Aking Ama, na Siyang nagbigay sa kanila sa Akin." Oh, ang ganda! Whew! San Juan 5:24, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya

sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay mayroong Buhay na Walang Hanggan, at di paroroon sa kahatulan, bagkus lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Yan ang dahilan kung bakit naniniwala ang iglesyang ito sa seguridad ng walang hanggang katiyakan ng mga banal, hindi sa pormula ng Baptist, hindi sa pormula ng Presbyterian, kundi sa pormula ng Biblia.

59 "Buweno," sasabihin n'yo, "ngayon, Kapatid na Branham, sa palagay ko kapag nasa biyaya na'y lagi nang nasa biyaya." Nagdadala nga 'yan ng malaking puna sa biyaya. Subalit kung ang isang lalaki o isang babae ay ipinanganak sa Espiritu ng Diyos, ang mga lumang bagay ay lumipas, lahat ng mga bagay ay pawang bago na, at siya'y isinilang at pinagpala ng Diyos na Walang Hanggan. At di nga sila mapapahamak kung papaano ngang ang Diyos Mismo'y di mapapahamak.

60 Ang ibig n'yo bang sabihin haya't ang Diyos, ang Diyos na walang hangganan, ay paparito at pagkakalooban kayo ng Buhay na Walang Hanggan, yamang nalalaman naman na kayo nga'y mawawaglit Niya? Sa banda rito'y ililigtas kayo, yamang nababatid na kalaunan ay mawawaglit Niya kayo roon? Ano pang dahilan at iniligtas Niya kayo? Aba't, kinokontra Niya ang Sarili Niya kung ganun. Kung iniligtas Niya kayo minsan, ligtas na kayo nang buong Walang Hanggan. Walang demonyo sa impyerno ang makakapagpataob sa inyo.

61 Ngayon, ang Diyos na walang hanggan Na kayang sabihin ang katapusan mula sa pasimula, at mangyaring ililigtas kayo rito, sa sanlinggong ito, at nababatid naman na sa kasunod na taon haya't tatalikod kayo sa pananampalataya, at mawawaglit kayo? Buweno, para saan pa't gagawin Niya ang bagay na 'yun? Kahibangan 'yun; kung ako nga'y di ko gagawin 'yung ganun. Kung kinaibigan ko kayo ngayon, yamang batid ko na bukas ay magiging kaaway ko kayo, buweno, di ko nga gagawin 'yun. Di na kita peperwisyuhin. Kita n'yo? Kayo nga'y ginawa ng Diyos na lingkod Niya, ngayon, dahil alam Niya mismo, at alam na noon pa man bago pa kayo sumulpot sa mundong ito. Nung ginagawa Niya 'yung calcium na pumunta sa inyong katawan, nung likhain Niya ang kosmikong liwanag na inyong . . . na nasa inyo. Nung ang mga petrolyo at lahat ng sumasangkap sa'yo, nung lalangin ng Diyos ito sa lupa, alam na Niya mismo ang bawat hibla mo at kung anong gagawin mo. Papaano nga na ang Diyos na walang hangganan . . .

62 "Buweno, kinakailangan kong mag-ingat sa paglalakad ngayon; baka kasi tumalikod ako sa pananampalataya at mapahamak bukas." Ibig sabihin lang ay di na kayo ligtas sa simula pa lang. Siguro'y naantig lang kayo, ng mga emosyon. Iniisip mo lang na ligtas ka. Pakiramdam mo lang ay ligtas ka. Paniwala mo lang ay ligtas ka. Nakikianib ka lang sa iglesya. Marahil mainam na Baptist kayo, Methodist, o Pentecostal. Wala nga 'yang kinalaman dito. Ang pangalan mo sa . . . Kung kayo

nga'y ligtas, haya't ligtas na kayo bago pa magpasimula ang mundo, noong ipadala ng Diyos si Jesus, sa kaisipan Niya, para iligtas ang isa na nakita Niya na maaaring iligtas. Ngayon di nga Niya ibig na sinuman ay mapahamak. Hindi Niya ibig na ganun, pero, yamang Siya'y Diyos, alam Niya kung sino ang ligtas at kung sino ang hindi. Yan mismo ang sinasabi ng Kasulatan. Kaya hayan nga.

63 Yan ang dahilan kung bakit iba tayo sa Baptist, sa mga Methodist, at sa mga sinasabing Calvinistic-sa-kaisipan na mga tao. Pero, tama ang Calvinismo.

64 Mangyari ngang dumako naman tayo sa panig ng mga Armenian. Ano 'yung mayroon sila roon? Mga gawa. Yan nga ang mga kabanalang grupo. Mga gawa, "Purihin ang Diyos, pahahabain ko ang buhok ko," ng mga kababaihan. At, "Oh, purihin ang Diyos, hinding-hindi ako magsusuot ng kamiseta na maiksi ang manggas," mga kalalakihan naman, at marami pang iba gaya nun. Wala nga 'yang kinalaman sa Kaharian. Wala, po. Magagawa mo ngang pahabain ang iyong buhok, magagawa mong magsuot ng mga bestida hanggang sa kung saang haba na gusto mo, o magagawa mo 'yung *ganito*, *ganoon*, o *kung ano pa*, at wala nga 'yung ganap na kinalaman na anuman dito. Di kayo ligtas dahil sa inyong pananamit. Kung ganun, gumawa na lang sana ang Diyos ng pagbabatayan na gaya nun. Di na sana namatay si Jesus.

Ligtas kayo dahil iniligtas kayo ng Diyos, sa pamamagitan ng biyaya, at ginagawa n'yo ang mga bagay na ito bilang inyo mismong pasasalamat. Wastong pag-uugali ang magpapaisip sa inyo nang ganoon. Haya't ginagawa n'yo ang mga bagay na ito bilang pasasalamat. Itong mga gawang ito'y ginagawa ko para sa Diyos.

65 Kahit na di na ako makapangaral ng kahit ano pang pangangaral, at mabubuhay rito nang sandaan at limampung taon, ako'y ligtas at ligtas pa rin. Tunay. Di ako naligtas dahil sa isa akong mangangaral. Naligtas ako dahil ito'y biyaya ng Diyos na nagligtas sa akin. Wala nga akong kahit isa mang bagay na magagawa para mapaging karapat-dapat dun.

66 Idinemanda ako, nito-nito lang, sa halagang kalahating milyong dolyar. At sabi nila, "Aba, pinasikut-sikot mo . . . Yung pera na inilabas mo dun, para bayaran ang mga bayarin mo. Sa iyo naman 'yung pera bago mo binayaran ang mga bayarin mo. Haya't ipinadaan mo pagkatapos sa iyong iglesya, pero nasa sa iyo muna 'yun sa umpisa pa."

Sabi ko, "Pero di ko naman ginalaw 'yun para sa kung anong bagay."

Sabi, "Oo, nagalaw mo," sabi, "sinabi mo sa mga tao na kumukuha ka ng love offering."

Sabi ko, "Sige't gusto kong may magsabi sa akin kung kailan may nangyaring ganun."

"Buweno, nagso-solicit ka raw ng donasyon sa koreyo?"

Sabi ko, "Halughugin n'yo man ang opisina ko; wala nga ni isang kusing."

67 Alam n'yo, ang sabi ng Biblia, "Huwag n'yong ikabalisa anuman ang inyong sasabihin, dahil ibibigay 'yun sa inyo sa oras na 'yun." Haya't nakaupo ako dun sa tabi ng mga federal na abogado, at bawat isa'y pinaparatangan ako nang paulit-ulit, may isa sa isang gilid tapos sa kabila naman; at hayun nga ako na halos ABC lang ang abot na nalalaman. At hayun nga't nasa kalagitnaan ka ng matatalinong mga kalalakihan na 'yun na sanay na sanay papagsabihin ka ng bagay na di naman 'yun ang gusto mong sabihin tungkol dun, kaya naman papaano ka uubra sa talas ng isip ng mga taong tulad nun? Pero ang abogado nga'y di kayang pumantay sa talas ng isip ng aking Panginoon, siya nga. Sinasabi nga ng Kasulatang ito rito, "Huwag n'yong ikabalisa kayo man ay dalhin sa harapan ng mga hari't mga namumuno."

Alam ko na ang perang 'yun na dinala ko dun, ginastos ko 'yun para sa . . . At di nga nila pinamalian 'yun. Ginastos 'yun sa lehitimong paraan mismo. Pero sinasabi-sabi nila, "Nasa sa iyo kasi 'yun, muna, at pagkatapos inilagay mo sa Branham Tabernacle."

Sabi ko, "Pero ako ang tagapag-ingat ng pera ng Branham Tabernacle." At ito . . .

Buweno, sabi niya, "Ganoon pala. Kung ganoon bakit hindi ginawa ng mga tagapangasiwa 'yung ganito, ganoon, at 'yung kung ano pa?" Isa . . .

Sabi ko, "Tapos tatawagin n'yo akong di tapat?"

68 Sabi, "Sa palagay namin tapat ka kung sa tapat." Sabi, "May gusto akong ipakita sa iyo, G. Branham," ani nga nung abogado.

Sinasabi ko lang ito para sa kaluwalhatian mismo ng Diyos ngayon, siyanga, at lalong-lalo na para sa mga kabataan. Sabi niya, "May gusto akong ipakita sa iyo na isang bagay, para ipakita sa iyo kung paano . . . " Haya't kung ipinamumuhay mo ang Biblia, ang Diyos ay mamumuhay sa pamamagitan mo. At kung ang espiritu mo'y salungat sa sinasabi ng Diyos, kung ganun ay di ka namumuhay sa pamamagitan ng Biblia.

69 Naalala n'yo ba kagabi nung talakayin natin ang tungkol sa mga babaing mangangaral, sa tuwing sinasabi nila, "Oh, ako'y naniniwala na tinawag ako ng Espiritu Santo para mangaral," at kung ano pa na gaya nun? Sabi ng Biblia, "Kung sinasabi ng isang tao na siya'y propeta, o espirituwal man, marapat lamang na kilalanin niya na Ito'y mga kautusan ng Panginoon; pero kung siya'y mangmang, hayaan siyang maging mangmang."

Kaya kung may mapapakinggan kayong mga kalalakihan na sinasabi nilang naniniwala sila sa mga babaing mangangaral, ipinapakita lang n'yan na di sila tuwid sa Diyos, o dili kaya'y sadyang di lang talaga nalalaman ang Katotohanan. Yun po ang Katotohanan. Yan ang sinasabi ng Kasulatan. Makikita natin 'yun Doon, at tumutugma mismo sa mga Kasulatan. Ngayon, kahit na gaano pang katotoo 'yun kung titingnan, 'yun nga'y salungat. Di 'yun tama.

70 Ngayon, tayo nama'y dumako sa isang bagay rito ngayon. Pansinin. Ang Diyos, ang Diyos na walang hangganan, Na gumawa ng lupa, at ng kalangitan, at nalalaman ang lahat ng mga bagay, at nalalaman 'yun bago pa mabuo ang sanlibutan, ang bawat pulgas, bawat langaw, bawat niknik, lahat ng mga lilitaw. At haya't nabubuhay ka sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

71 Mangyari nga, na sa pagtayo ko sa tabi ng mga abogadong 'yun. Ito ngang abogado'y lumakad doon at sabi niya, "Di namin, sa anumang paraan, ipinagpipilitang sabihin na ika'y di tapat." Sabi, "Nagkulang ka lang sa kaalaman na sa tuwing may sinuman na magbibigay sa iyo ng pera ay ibig sabihin nun nasa sa pagmamay-ari mo 'yun unang-una." Sabi, "Ikaw ang nakapirma sa tseke mula kay G. Miner Arganbright, na taga—taga-California, ng Christian Business Men's Full Gospel Fellowship, sa halagang maka-*ilang* libong dolyar. At nung parehong araw na 'yun ay kinuha mo 'yun mula sa iyong bangko at bumili ng apat o limang tiket para sa pag-iibayong dagat, na mga nasa dalawampu't apat na libong dolyar."

Sabi, "Opo, ginoo."

Sabi niya, "May utang kang buwis dun."

Aba'y, sabi ko, "Pareho kaming nakatayo roon sa siya ring bangko, at iniabot niya sa akin 'yung tseke, at pinadaan ko 'yun sa bangko at isinauli sa mga tiket."

Sabi niya, "Kung nasa sa iyo 'yung tseke ng isang minuto," sabi, "kalahati nun ay sa iyo. Hindi ba't nasa sa iyo, nang kalahating minuto. Kaya nasa sa iyo 'yun, nang kalahating minuto, bago 'yun naging pagmamay-ari ng simbahan." Sabi, "Kaya may utang kang buwis mula dun."

Sabi, "Ibinigay niya 'yun sa simbahan. Siya mismo ang nagbayad ng buwis nun, at ibinigay niya 'yun sa simbahan. Sa iyo mismo ibinigay."

Tapos sabi ko, "Magbabayad ka ng buwis para dun, pero kapag naipadaan na sa simbahan, haya't di na 'yun puwedeng patawan ng buwis."

Sabi, "Hindi ang simbahan mo ang pinapatawan namin ng buwis. Ikaw ang pinapatawan namin ng buwis."

Sabi ko, pagkatapos, “Aba’y,” sabi ko, “haya’t ’yung mismong tao na pumirma rito ng pangalan niya, na taga-roon sa kawanihang-federal ng buwis, sinabi niya sa akin na ganito ang gawin.”

Sabi niya, “Wala na siya sa gobyerno.”

Sabi ko, “Haya’t sila na sumulat nung Konstitusyon haya’t wala naman na sila sa gobyerno, pero ’yun ba’y may bisa pa rin?” Sabi ko, “Darating ’yung araw na wala ka na rin mismo sa gobyerno, at kaya anupa’t sinasabi mo ito?” Sabi ko, “Ano bang klaseng gobyerno ang pinagsisilbihan natin?” Tunay.

Pero, pagkatapos, haya’t sabi nung isa namang lalaki, “G. Branham,” sabi niya, “nakita kasi namin dito, sige’t hayaan mong ipakita ko sa iyo na alam namin kung saan napupunta ang bawat kusing na ginagastos mo.”

Sabi ko, “Sige po.”

Sabi niya, “Heto ang isang lugar kung saan nagdaos ka noon ng isang pagtitipon sa Canada, sa Alberta, at doon ay nabigyan ka ng love offering na nagkakahalaga ng tatlong libong dolyar.”

Sabi ko, “Opo, ginoo.”

Tapos sabi, “Yung sumunod na . . . o ’yung Linggo bago ’yun, ang ibig kong sabihin, doon, naglibot ka at nakita mo ’yung kung saan may lumang simbahan dun, at nagsasamba sila sa simbahang ito, at wala silang bubong. At ibinigay mo ’yung tatlong libong dolyar na ’yun sa kanila na mga taga-roon, para ipatayo ang simbahan.”

Sabi ko, “Tama.”

Sabi, “Pero may utang kang buwis mula roon.” Sabi, “Yun ngang ibinigay mo sa iglesya.” Sabi, “Kita mo, pagmamay-ari mo kasi muna ’yun bago ’yun naging sa iglesya.”

Sabi pa niya, “Hindi ba’t totoo, na may isang *naturang* lalaki . . . ” Haya’t di ko na babanggitin ang pangalan niya, dahil marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya. “Nasunog ’yung bahay niya, dito sa pamayanan, at kararating mo lang noon dun, mula sa iyong pagtitipon, at may labing-limang daang dolyar ka.” Ngayon, ang dating marahil sa inyo nun ay malaking pera ’yun, para sa inyong lahat. Pero labing-limang araw lang ’yun para ako’y makapamalagi, o makapahinga. Umaabot ng lampas sandaang dolyar kada araw ang gastos, ako man ay makapangaral o di ako makapangaral, para maasikasong bayaran ang opisina at mga bagay-bagay. Tapos sabi, “May labing-limang daang dolyar ka. At ’yung lalaking ’yun . . . nasunugan ng bahay. May anim na anak pa nga ang lalaking ’yun, at ibinigay mo sa kanya ang labing-limang daang dolyar.” Siyanga naman, naroon sa kanila ’yung tseke ko na nakalapag dun.

Sabi ko, "Tama po." Sabi ko, "Kung kayo ano ang gagawin n'yo, hayan ang isang lalaki na may limang anak na sa tolda lang namamalagi, at zero sa lamig ang klima at may niyebe pa sa lapag? Sa palagay n'yo maaatim kong maupo na lang sa loob ng isang disenteng bahay at samantalang nalalaman ko na 'yung lalaking 'yun at 'yung mga maliliit na anak na 'yun ay naroon lang, giniginaw sa lamig, at patong-patong ang balabal sa buong palibot nila, at heto't may pera naman para sila'y matulungan?"

Sabi rin niya, "Hindi ba't totoo rin na may isang lalaki na namatay sa isang iskinita rito? At taga-Kentucky siya. Wala man lang siyang pera para sana panlibing niya, at ikaw ang nagpalibing sa lalaking 'yun. At ikaw at ang maybahay mo'y nagdala ng pera at nagtungo sa J. C. Penney's." Ipinambayad ang mga tseke. Sabi, "Gumastos ka ng dalawang-daang dolyar sa mga damit para sa mga batang 'yun."

Sabi ko, "Tama."

Sabi, "Hindi ba't totoo rin na may isang matandang babae na taga-rito sa isang *naturang* siyudad . . . " Na nakatira, noon, sa may New Albany. Tapos sabi, "Binigyan mo siya ng tatlong-daang dolyar at sobra pa, para ipambayad dun sa bayarin ng pamimili para sa bahay, na, dapat na niyang bayaran, doon. At nagbayad ka ng halos limang-daang dolyar para sa renta niya, dahil palalayasin na sana nila siya nung taglamig na 'yun. At ikaw ang nagbayad para sa kanyang—kanyang renta na abot hanggang sa susunod na Hunyo, at sumagot ng bayarin niya para sa pamimili sa bahay na umabot ng labing-apat o labing-limang daang dolyar din 'yun."

Sabi ko, "Naaalala ko 'yun nang husto. Isang matandang nanay, walumpung taong gulang, na 'yung anak niyang babae'y may malubhang karamdaman, at may lalaking anak na isang mangangaral sa Georgia, na pinahihirapan ng rayuma, at nakaratay na lang sa higaan, at wala man lang sumusuporta. Kung ikaw ano pa bang magagawa mo dun?" Sabi ko, "Oo, naaalala ko."

Sabi, "Alam ba ito ng lupon mo ng mga tagapangasiwa?"

Sabi ko, "Hindi, ginoo, hindi nila alam."

"Alam ba ito ng maybahay mo?"

Sabi ko, "Hindi, ginoo, hindi niya alam."

Sabi, "Kung ganun bakit mo ginawa 'yun?"

72 Sabi ko, "Dahil sinabi ng Panginoon ko, 'Huwag mong ipaalam sa kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay.'" Sabi ko, "May batas ba kayo na mas mataas pa sa batas ng Diyos?"

At pagkatapos nga nun ay dumating ang Espiritu Santo para sumaklolo, nang ganun na lamang kaaya-aya gaya ng paraan ng paggawa Niya rito. Nakakapagsambit ka ng mga bagay-bagay,

sa pangalawahin mong kamalayan, na di mo nga namamalayan na sinasabi mo 'yun, kung ipauubaya mo lamang sa Espiritu Santo ang pagsasalita.

Sabi ko, "Buweno, buweno, kung sinasabi n'yo na ako'y may utang talaga riyan," sabi ko, "Gagawin ko ang higit na makakaya ko." Sabi ko, "Di na ako bata, hayan nga't gagawin ko ang lahat ng makakaya ko para bayaran 'yan." Sabi ko, "Wala nga akong utang sa kaninuman, sa abot ng nalalaman ko." Sinisikap ko talagang magpaka tapat. Magkautang man ako ng libo-libong dolyar, haya't babayaran at babayaran ko 'yun ng maski isang dolyar kada linggo. Pero, sa biyaya ng Diyos, nabayaran ko 'yun. Sabi ko, "Kung sinasabi n'yo at mapapatunayan n'yo sa akin na may utang akong ganyang pera na ibinigay ko sa mga tao . . . " At hayun nga't ipinakita nila sa akin kung saan umabot 'yun ng halos dalawampung libong dolyar, sa huling sampung taon, ang naipamigay ko mismo nang ganoon.

Tapos sabi niya, "Wala kasing nalalaman ang mga tagapangasiwa mo tungkol dito."

Sabi ko, "Di na kasi nila kailangan malaman pa 'yun." At kaya ang sabi niya . . . Buweno, pagkatapos ang sabi niya . . .

73 Sabi ko, "Ang masakit sa akin, ay 'yung malaman ko na 'yung mga kaawa-awang matatandang mga balo't mga ulila, ay magbabayad pa pala ng buwis dahil rin, diyan, o ikamatay na lang, na may utang sa gobyerno." Di ko namamalayan 'yung sinasabi ko. Ang Ama 'yun na nagsasalita roon, at di ko 'yun namamalayan.

"Oh," sabi niya, "hindi, hindi nila kailangang magbayad ng buwis dahil dun."

Sabi ko, "Bakit di nila kailangang magbayad?"

Sabi, "Kita mo, kaloob kasi 'yun na di sinolicit."

Pagkatapos bigla na lang akong ginising ng Espiritu Santo. "Oh," sabi ko, "ibig sabihin pala'y di binubuwisan ang kaloob na di sinolicit?"

Sabi, "Tama."

Sabi ko, "Kung ganun ay wala akong utang sa gobyerno na kahit na ano, dahil ni minsan sa buhay ko ay di ako lumikom ng kaloob."

Pagkatapos tumayo ang abogado ko, tapos sabi niya, "G. Branham maaari mo bang . . . "

Sabi ko, "Puwede kong ipasa sa inyo ang dalawang milyong mga liham sa Washington, para patunayan 'yan." Sabi ko, "Ni minsan ay di ako lumikom ng kaloob."

Sabi, "Pero kapag pumupunta ka sa mga pagtitipon na 'yun, haya't itong pera na nililikom ng mga ministro dun at para

ipantustos sa gawain," sabi, "alam mo na kahit papaano ay may makukuha't makukuha ka."

Sabi ko, "Wala kahit na ano."

Sabi niya, "Kung ganoon, buweno, hindi ba't nagso-solicit ka gamit ang koreyo?"

Sabi ko, "Hindi maski ano."

Sabi, "Papaano ka nakakakuha ng pera?"

74 Sabi ko, "Sa kung anong ipadala lang sa akin ng mga tao." Narito mismo sa harap ko ang mga tao ngayon na nagpapadala sa akin ng mga ikapu nang tuluy-tuloy. Kailanman ay di ako humihiling sa kanila. Kusa nila itong ginagawa. Ang Espiritu Santo 'yan. May kakayahan Siya na alagaan ang Kanya.

Tapos sabi niya, "Buweno, kung ganoon, G. Branham," sabi, "kaya mo bang patunayan 'yan? Puwede ka bang magpasa ng ilang liham na mga walo o sampung taon ang nakararaan para patunayan na tumatanggap ka ng mga kaloob kahit hindi nagso-solicit?"

Sabi ko, "Kahit pa gaanong karami na gusto n'yo."

Sabi niya, "Gusto ko ng tatlo sa bawat taon."

Sabi ko, "Sige, maibibigay ko sa'yo."

Sabi, "Sige't puwede mo bang ipagkatiwala muna sa akin ang susi ng post office box mo, at pahintulutan ako na . . . Yung mga liham ay maipon muna dun nang dalawa o tatlong araw, at pagkatapos pupunta ako dun at bubuksan ko 'yun, nang ako mismo?"

Sabi ko, "Sige't gawin mo lang ang gusto mo. Puwede ka ring bumisita sa opisina ko."

Sabi niya, "Anong uri ng pagso-solicit ang ginagawa mo?"

Sabi ko, "Wala."

"Anong ipinapadala mo sa koreyo?"

"Mga prayer cloth."

"Sinisingil mo ba sila dun?"

75 Sabi ko, "Sige't, basahin mo ang mga liham na ipinapadala ko kalakip nun." Natapos dun. Ngayon ang lagay pa nga'y may utang sa akin ang gobyerno sa lahat ng naibayad ko, na buwis mula sa kita, sa loob ng nakaraang dalawampung taon. Kita n'yo?

"Huwag n'yong ikabalisa ang sasabihin n'yo, dahil hindi kayo ang nagsasalita, kundi ang Ama na nananahan sa inyo, ang siyang nagsasalita." Kita n'yo? Yan ang dahilan kung bakit naniniwala tayo sa pananatili lamang sa Salita. Gumugol man nang mahabang panahon, pero 'yun nga'y gagawa at gagawa, ayon sa Salita.

76 Ngayon, 'yan ang dahilan kung bakit nananampalataya tayo na sinasabi sa atin ng Biblia na bago mabuo ang mundo, at bago 'yun umiral, na pinatay ng Ama ang Cordero. At pagkatapos nung patayin Niya ang Cordero, inilagay Niya ang bawat isa sa pangalan ng Kanyang paparating na mga anak sa Aklat ng Buhay, at tayo'y haya't sadyang ipinamumuhay ang kapanahunan na 'yun hanggang sa 'yun ay buong matapos. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ang Diyos na walang hangganan ay nalalaman 'yun, na bago magsimula ang mundo ay nakita na Niya ang programa't kung ano ba ang kailangang gawin, at 'yun nga'y Kanyang ginawa.

77 Ngayon alalahanin n'yo, bilang isang dakila't Bihasang Tagapagtayo, ang Ama, nung likhain Niya ang mundong ito at inilagay ang calcium, potash, at mga petrolyo, at lahat ng iba't ibang mga elementong-sangkap na ito na napunta roon para buuin ang ating mga katawan, haya't nalalaman nga Niya ang bawat katiting nun at nalalaman mismo kung anong klase ng hulma at katawan ang kalalabasan bago pa 'yun malikha. Tunay. Nalalaman na Niya ang Walang Hanggang destinasyon nun. At nalalaman na Niya ang uri ng naturang mga espiritu na mananahan sa mga ito.

78 At ngayon, bago natin tapusin ang paksa na 'yan, itutuloy natin 'yan mamayang gabi, sa "binhi ng serpiyente" at sa "binhi ng babae," at tutugaygayin 'yun at ipapakita kung bakit ganun. Titingnan kung papaano nagpatuloy ang binhi na 'yun ng serpiyente, kung papaano nagpatuloy ang binhi na 'yun ng babae; kung papaanong ang binhi na 'yun ng serpiyente ay nagsimulang magpalakas, nang magpalakas, na ang saklaw ay naging mas malawak, at mas malawak, mas malawak, mas malawak, at mas malawak, hanggang sa umabot sa panahon ngayon na wala na ngang kahit na ano pa na natira kundi kaunti't munting bilang na lang ng nalalabing mga pangalan na natitira, na nasusulat mula pa nung itatag ang sanlibutan.

79 Pero kapag ang Katawan ay nabuo na mismo, at 'yung huling pangalan na 'yun na naroon sa Aklat ay napagkilala na rito sa lupa, ang mga Aklat nga'y isasara na, dahil nakumpleto na 'yun, ang kuwento ng pagtutubos ay nabasa nang buo. Pagkatapos ay tutungo na tayo para makita Siya at salubungin Siya sa pagkabuhay na mag-uli. "Ang dumirinig ng Aking mga salita at nananampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan at di na tutungo sa Kahatulan, bagkus lumipat na mula kamatayan patungong Buhay."

"Walang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama." "Hindi ito sa kanya na may ibig o sa kanya na tumatakbo; kundi sa Diyos na naaawa," ang sabi ng Kasulatan.

Hindi sa kanya na may ibig. Maraming tao ang nagsasabi, "Aanib ako sa iglesya. Magpapakabait ako. Gagawin ko 'yung

*ganito*." Wala 'yung kinalaman dito. Ang Diyos mismo ito na nagpapakita ng kaawaan.

80 Ngayon, kita n'yo, nung magpasimula ang Diyos, sa. . . May pitong Espiritu ang Diyos, katulad nung pitong kulay ng bahaghari. At napansin n'yo ba? Yung isang piraso ng salamin na may tatlong sulok ay nagpapaaninag ng pitong ganap na kulay. Nasubukan n'yo na ba 'yun? Maglagay kayo ng isang piraso ng salamin na may tatlong sulok; haya't isang piraso lang 'yun ng salamin, pero, sa tatlong sulok, magpapaaninag 'yun ng pitong kulay. Ganoon nga ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, sa pagiging Isa, pero haya't nagpapaaninag ng pitong espirituwal na katangian ng Diyos.

81 At, pagkatapos, ang unang dakilang Espiritu ng Diyos, ang pag-ibig. Ang Diyos, ay tulad sa isang dakilang bahaghari. Di natin kayang maisip kung anong itsura Niya. Pero sabihin na lang natin na Siya'y tulad sa bahaghari, ang mga Espiritu na 'yun. Ang ganap na Espiritu ng pag-ibig, *pula*. *Asul*, ang ganap na Espiritu ng pakikipagbuklod. Hayan nga ang lahat ng mga ganap na Espiritu na 'yun! At pagkatapos ang mga ito'y nagsimulang bumaba, bumaba mismo. At tumugaygay pababa hanggang sa bumaba sa pagiging—pagiging *philio* na pag-ibig o. . .*Agapao* na pag-ibig, patungong *philio* na pag-ibig, tapos tumugaygay tungo sa masamang pagnanasa, at tumugaygay hanggang sa pinaka mababa.

At pagkatapos ang Diyos Mismo'y naging isang Tao, si Jesus, at bumaba sa ganoon ding paraan na 'yun, tumungo sa pinaka mababang hukay ng impyerno, at kinuha sila na mga nakikilala na Niya mula sa pagkatatag ng mundo, na ang mga pangalan ay nakasulat mismo sa Aklat, at tinubos sila pabalik sa Sarili Niya. Hayan nga. Ang kuwento ng pagtutubos ay di lubos na mapagtatanto hanggang sa ating makita mismo Siya at tumindig tayo sa Kanyang wangis.

82 Ngayon, 'yan ang dahilan kung bakit hindi tayo isang denominasyon. Yan ang dahilan kung bakit hindi tayo nakiki tagu-. . .Nakikitaguyod tayo sa bawat pagsulong na magagawa natin, para sa Diyos. Pero 'yan nga ang dahilan kung bakit di tayo isang denominasyon. Ngayon, mula sa mga denominasyon na 'yan ay lumabas ang mga huwad na mga turo.

83 Ngayon, gaya ng sabi ko, talagang pinupukpok ko ito nang maigi, dahil gusto kong tumimo talaga ito. Ngayon, sa labas, sa simbahan ng ibang tao, di ko nga iisipin ang ganitong mga bagay. Sisikapin kong maging Cristiano't ganap na kapatid na mananatili sa dakilang mga prinsipyo na sinasang-ayunan nating lahat. Kita n'yo? Pero, hayan nga't—hayan nga't, di natin ipagsasawalang-bahala ang pandaraya.

84 May kausap akong binatilyo kahapon, kung saan ako nangangaso ng squirrel, kahapon ng umaga, doon sa ibayo ng

mga kabundukan ng Kentucky. At di ko napansin ’yung maliit na nakapaskil na karatula sa may kakahuyan, at nakaupo ako noon sa kabilang banda. At akala ko si Kapatid na Banks dito, ’yung paparating sa kakahuyan. Nangangaso rin kasi siya noon ng squirrel, siyanga, sa parehas na dako. At tanaw-tanaw ko ’yung tao na paparating, at sumipol ako dun sa binatilyo. Akala ko kasi si Kapatid na Wood, parehas kasi ang suot. Lumingon siya, at nakita ko na di pala siya.

At nabanggit sa akin ni Kapatid na Wood na may dako roon na may nakapaskil. At di ko ’yun alam. Wala kasing mga linyang bakod; haya’t kakahuyan lang mismo. At kumbaga’y papaano ko malalaman kung sa aling panig ba ’yung bahagi ng puno ng hikarya? Mangyaring nakaupo ako roon pinakikinggan kung may iyak ba ng squirrel. At ang nasa isip ko noon, “Buweno, ngayon, ngayong gabi uuwi ako’t magpapasimula ng pagtitipon. Babalik uli sa gawain.” At bigla na lang umulan, at may malakas pa ngang hangin na umiihip.

85 At natanaw ko ’yung binatilyong ’yun, at nakipag-usap ako sa kanya. Lumapit ako at nalaman ko na lumampas na ako’t nasa teritoryo na niya ako. Kita n’yo? Haya’t nakipag-usap ako sa kanya. Sabi niya, “Oh, ayos lang.” Sabi niya, “Sige, puwede kang mangaso kung saan mo gusto.” Tapos sabi ko, buweno. . . Sabi niya, “Wala ka naman sa teritoryo ko. Nakaupo ka roon sa kabilang banda ng puno ng hikarya.” Sabi, “Itong bahagi na ito ng puno ng hikarya ang teritoryo ko. Pero,” sabi, “walang problema, Kapatid na Branham. Sige’t mangaso ka lang sa kung saan mo gusto. Bumisita ka lang sa bahay. Gusto ka ring makita ni Tatay.” Kita n’yo? Tapos sabi ko, “Buweno. . . ”

Paglaon ay nag-usap kami tungkol sa Biblia. Tapos nung madako sa usapin tungkol sa pangangaso, sinabi niya ito, sabi niya, “Kapatid na Branham, kung tutuusin ayos lang para sa mga tao rito kung may mangaso mang iba. Pero,” sabi, “si tatay nga’y narito nung isang araw at may mga mangangaso na taga-siyudad at dumayo at pinatay ang isa sa mga tupa niya na tumitimbang ng halos animnapu o pitumpung libra, at kaya nasigawan ni tatay ’yung lalaki, at aba’y binaril siya nung lalaki, gamit ang isang mahabang baril.” Sabi niya, “Yun ’yung masaklap at di maganda.” Sabi, “Ayos lang sa amin kahit sino pa ang mangaso.”

86 Buweno, ganun na ganun din ito sa bagay na pinapangusap ko. Hindi ko alintana saanmang denominasyon kayo kabilang, pero kayo nga’y manatili sa Biblia at sa Espiritu Santo. Hindi naman ang denominasyon n’yo ang inaalala namin; marapat lang naman na ang isang tao’y may kinabibilangan. Pero, sa pagitan ng pananatili sa Biblia o pagtanggap ng gawang-taong mga dogma. Manatili kayo sa Biblia.

87 Ngayon, nagpalitaw sila ng denominasyon, na haya't mali. Ngayon, 'yung sumunod na pinalitaw nila, na mali, ay 'yung bautismo sa tubig. Ang pagbabautismo sa tubig, sa katuruan sa Biblia, ay sa pamamagitan ng paglulubog. Pero pinalitaw ng iglesya Katoliko ang pagwiwisik o pagbubuhos. At walang Kasulatan sa Biblia ang kumakatig sa pagwiwisik o maging sa pagbubuhos; wala ngang ganoon saanmang dako ng Biblia. Ito nga'y sa pamamagitan ng paglulubog.

88 Buweno, pagkataos, haya't paglaon, pagkatapos ng iglesya Katoliko, haya't mangyaring ang iglesyang Lutheran, ay sa pagbubuhos din. At nung dumating ang iglesyang Anglican, at iba pa, 'yun nga'y nagpasalin-salin.

Pagkatapos, paglaon, dumating ang mga Baptist at ang Campbellite, na nanumbalik muli sa paglulubog. Buweno, nakita nga 'yun ni Satanas, kaya ang ibinigay niya sa kanila'y maling pangalan para dun maglubog. At nagsimulang gamitin nila ang Pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Wala man lang ni katiting na kudlit ng Kasulatan sa Biblia kung saan may kung sino man na inilubog sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo." At sinumang nagtuturo ng ganun ay bulaang guro. At mangyaring sinabi ko sa inyo na talagang patitimuin ko ito.

89 Ngayon, kung iniisip n'yo na mali 'yun, gusto kong dalhin n'yo ang pagkukuwestiyon n'yo rito sa entablado, sige't ipakita mismo sa akin. Kung maipapakita n'yo sa akin maski sa isang dako lang kung saan mayroon dun na nagbautismo, sa Biblia, sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," maglalagay ako ng karatula sa likod ko, na ang sabi dun "isang bulaang mangangaral," at magtutungo nang paroo't parito sa kalsada, sisigaw sa abot ng malakas kong tinig, na ang mga kamay ko pa nga'y nakataas, "Isang bulaang tagapagturo!"

Wala ngang ganun. Saan 'yun nanggaling? Ngayon sige't balikan n'yo. Heto po ang panig ng Biblia. Kinakailangan n'yo ngang siyasatin sa kasaysayan. Ang mga Katoliko'y naniniwala sa maraming diyus-diyosan, at biniyak nila ang isang tunay na Diyos sa tatlong iba't ibang diyos.

90 At pakinggan n'yo ako. Grabeng kalunus-lunos na bagay 'yung nasa pahayagan nung isang araw, patungkol sa isang kilalang lalaki na kilala nating lahat na isang lingkod ng Diyos; si Billy Graham. May hawak tayong pahayag dito. Si Kapatid na Beeler, diyan, may hawak siya nito. Nung tanungin, si Billy Graham, ng *isang* tao, "Sino, ano bang malaking kontradiskyon tungkol sa trinidad? May tatlo bang diyos, tatlong aktuwal na diyos? O, paano ba 'yun? Sa isang dako, mistula ngang tatlong diyos. At sa isang banda naman ay parang is-. . ." Sabi ni Billy Grahan, "Hindi pa hayag. Walang nakakaalam." Naku!

91 Kung tatlo ang diyos, mga pagano tayo. Mangyari ngang sasabihin ng Judio, “Alin diyan ang inyong diyos? Ang Ama? Ang Anak ba ang inyong Diyos? O, ang Espiritu Santo ang inyong Diyos?” Iisa lang ang Diyos.

At hindi ’yun tatlong personalidad, dahil ang ibig sabihin ng isang personalidad ay isang persona. Di ’yun maituturing na personalidad kung di ’yun isang persona. Alam n’yo ’yan. Papaano nga na ang isang bagay ay ituturing na personalidad kung hindi ’yun ituturing na isang persona muna?

92 “Oh,” sabi, “hindi kami naniniwala sa tatlong personang diyos. Ang pinaniniwalaan namin ay tatlong personalidad ng siya ring Diyos.” Buweno, bago ’yun ituring na personalidad, marapat lang na isang persona muna ’yun mismo.

93 “Ano ’yun, kung ganun?” sasabihin n’yo. Hindi ’yun tatlong diyos. Tatlong katungkulan ito ng siya ring Diyos.

Siya ang Ama, sa pasimula, sa nakapailanlang dun sa—sa ilang sa—sa alab ng Apoy, sa nagniningas na kahoy. Pagka-Ama, Diyos, kagaya nga ng katatapos ko lang sabihin, nagpaka baba, bumaba. Yun ang pinaka mataas na antas. Ang Espiritu, ang—ang—ang *agapao*, ang *Zoe*, ang—ang Buhay ng Diyos Mismo na napaging anyo ng isang haliging Apoy. At ang siya ring Isa na ’yun, matapos na mapaging-Ama, ay naging Anak, at ’yung Espiritu ng. . .na naroon noon sa nagniningas na kahoy, ay naroon sa Taong, si Cristo, at nagbunga Iyon ng siya ring mga katibayan na ginawa noon ng Apoy. Sabi, “Kung hindi Ko ginagawa ang gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong paniwalaan.” Bawat punongkahoy kasi’y magbubunga’t mapapatunayan sa sarili nitong bunga.

94 At pagkatapos na maging Tao Nito, kita n’yo, Ito nga’y bumaba mismo mula sa pagka-Sobrenatural, napaging isang bagay na nahahawakan na puwedeng mahipo, isang katawan. At sa pamamagitan ng paghahaing kamatayan at sa pinaka mataas na paghahain na ito ng isang Diyos, si Jesus, sabi Niya, “Ako at ang Aking Ama ay Isa. Ang Aking Ama’y nananahan sa Akin.” May . . . Wala na ngang mas sisimple pa sa pagbasa n’yan.

Sabi nila, “Ipakita Mo sa amin ang Ama, at sukat—at sukat na ito sa amin.” Juan 14:8.

95 Sabi Niya, “Matagal Ko na kayong kasa-kasama, at di n’yo Ako nakikilala?” Sabi Niya, “Kapag nakita n’yo ang A-. . . Kapag nakita n’yo Ako, nakita n’yo na ang Ama.”

Haya’t may ginang nga noon na agad-agad; ang sabi niya, “Pero, Kapatid na Branham,” sabi niya, “ganito kasi, ang Ama at ang Anak ay iisa, kung papaano nga na ikaw at ang iyong asawa ay iisa.”

Sabi ko, “Oh, hindi, hindi ganun.” Sabi ko, “Hindi ba’t nakikita mo ako ngayon?”

Sabi niya, “Oo.”

Sabi ko, “Nakikita mo ba ang asawa ko?”

Sabi, “Hindi.”

96 Sabi ko, “Kaya ibig sabihin hindi ’yun ’yung siya ring uri ng iisa. Sabi ni Jesus, ‘Kapag nakita n’yo Ako, nakita n’yo ang Ama. Ang Ama ay nananahan sa Akin.’ Ang asawa ko nga’y di nananahan sa akin.” Kita n’yo?

Sila’y Iisa talaga. Sa lahat ng anggulo, sila’y Iisa. At may kami na iisa sa pagkakasundo, ang asawa ko nga’t ako. May tayo na iisa sa pakikipagbuklod, pero dalawang personalidad pa rin tayo. Ang asawa ko nga’y kumikilos na may isa’t ibang pag-iisip, at ako nama’y iba rin. At kami’y magkaibang dalawang persona talaga. Pero di ganoon pagdating sa Diyos. Sila, ang Diyos at si Cristo, ay ang siya ring iisang Persona.

97 Kung ganun ano ang Espiritu Santo? Ang Espiritu Santo ang siya ring Espiritu ng Diyos na nananahan sa mga tao na Kanyang kinamatayan, at inilagay ang kanilang pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Na, sila’y isa mismo kasama Siya, sa pasimula. Yan ang sinasabi ng Kasulatan. Hindi ba’t sinabi ni Jesus sa kanila na sila’y kasama Niya bago ang pagkatatag ng mundo? Mangyaring ang mga isipan n’yo ay pinaitim noon at madilim, at ganoon nga tayong lahat noon, sa mga bagay na ’yun. Pero hindi nga tayo kung anong munting nagkataon lang na sumulpot dito. Tayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos, sa pasimula sa paglilikha ng Diyos, at ibinaba rito para maging saksi, na saksihan ang biyaya ng Diyos na ibinubo sa buong lawak ng ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo. May Walang Hanggang Espiritu tayo. Walang kahit sino, walang kahit sino, at wala ngang kahit na ano, ang makapipigil dito. Iiral at iiral ang Iglesya ng Diyos kung gaano ngang kasigurado ang sigurado.

98 Kagaya ng ipinapangusap natin, haya’t bumaling tayo sa munting paksa na ito uli, nang kaunting—kaunting minuto, kung papaano na ang anak sa labas noon ay di makakapasok sa kaharian hanggang sa labing-apat na henerasyon, apatnaraang taon, at kung papaanong ang kasamaan ng mga magulang ay dadalaw sa mga anak, hanggang sa ika-tatlo at ika-apat na henerasyon.

99 Sa ganoon ding paraan, ang katuwiran ng mga magulang ay dadalaw. Ang bagay na ginagawa mo, kung may parating na bukas at may apo ka sa tuhod, ’yung aksyon mo ngayon ang magdedetermina kung magiging ano siya.

Mangyaring nabasa natin sa Biblia kung saan itong si Melquisedec, nung salubungin Niya si Abraham sa pagbabalik nito mula sa paglilipol ng mga hari, at hetong si Abraham na patriyarka’y nagbigay sa Kanya ng ikapu, isang ikapu ng lahat ng mayroon siya. At mangyaring sinabi niya roon patungkol sa

pag-iikapu, na, "Si Levi lamang ang makatatanggap ng ikapu. Pero," sabi niya, "Si Levi, na may utos na tumanggap ng mga ikapu, ay nagbayad ng ikapu noong siya'y naroon pa sa balakang ni Abraham."

100 Oh, nasalo n'yo ba? Si Abraham ay ano mismo ni Levi... siya'y apo sa tuhod. At heto, si Levi, halos walo o sampung daang taon ang nagdaan, marahil maka-ilang daan pa nga. Di ko lang alam kung ano ang eksaktong, dami. Puwede natin 'yung kalkulahin, sa pagtugaygay sa henerasyon. Hayan nga't, isinilang si Isaac mula kay Abraham; isinilang si Jacob mula kay Isaac; isinilang si Levi mula kay Jacob. At dito, si Levi, si Jacob ang kanyang tatay; si Isaac ang kanya namang lolo; at si Abraham ang lolo niya sa tuhod. At nung si Jacob ay naroon pa sa balakang ni Abraham, ang sabi ng Biblia, "Siya'y nagbayad ng ikapu kay Melquisedec."

101 At pagkatapos itong kabataang henerasyon na ito, na pariwara, naninigarilyo, umiinom ng alak, at lahat na, papaano pa kayo makakaasa ng pag-asa para sa sunod na henerasyon? Ang dahilan kung bakit napapaligiran tayo ng kasalanan, ng kadelingkuwentehan ng kabataan ngayon, haya't ang dahilan kung bakit naglipana ang mumunting mga kabataang babae sa lansangan, at ang mumunting mga kabataang lalaki, ay dahil 'yan na 'yan ang ginagawa ng mga tatay at nanay nila nung kabataan din nila.

At ang dahilan kung bakit may mga mangangaral pa rin tayo na tumatayo sa Katotohanan, ang dahilan kung bakit may mga kabataang babae pa rin tayo na makaluma ang dating at pananamit, ay dahil may mga makalumang mga magulang pa rin tayo na nakaagapay sa kanila. Ganoon nga mismo. May mga mangangaral pa rin tayo na may paninindigang hindi makipag-kompromiso sa kahit na anong denominasyon, o ang Salita'y ikompromiso, dahil may mga makaluma tayong mga mangangaral na nauna sa kanila, na tumindig sa siya ring mga paninindigan. Oo.

102 Ngayon narito na tayo sa araw na ito. At ngayon nais nga nating sabihin, na, dito mismo, kung babalikan...ang ilan sa mga denominasyon, ang dahilan kung bakit di tayo mismo denominasyon. Haya't, dahil, kung tayo'y denominasyon, tayo nga'y yuyuko at yuyuko roon.

103 At alalahanin, sige't saliksikin n'yo ang mga Kasulatan saan man n'yo gusto, at di kayo makasusumpong riyan ni isang dako sa Biblia na may kung sino na nabautismuhan kailanman sa pamamagitan ng pagwiwisik, sa pagbubuhos, o sa pangalan man ng "Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo." Kaya, kung di 'yun naroon sa Kasulatan, may pinagmulan ito na kung saan.

104 Gaya ng sabi ko, sa pag-upo ko roon sa ilalim ng malaking puno, habang pinagmamasdan ko 'yun. Yun nga'y, oh, 'yun

man ay may pagka—pagka tikas, may pagka—pagka higante, ’yun man ay may pagka tatag, pero may pasimula nga ’yun. May pasimula’t pasimula mismo. At lahat. . . Itong makaluma man nating relihiyon na magiting nating tinitindigan, ay may pasimula’t pasimula ito sa kung saan. May pasimula’t pasimula mismo ito. At ’yung mga ismo natin, mayroon at mayroon ’yung pasimula. At ’yung mga maling basehan ukol sa mga Kasulatan na ginagamit natin sa ating mga denominasyon, mayroon at mayroon ngang pasimula. At kung sasabihin natin, “Ako’y isang Methodist,” may pasimula ka nga. Kung sasabihin n’yo, “Ako’y isang Baptist,” mangyari lamang na may pasimula ka. Sasabihin n’yo, “Ako’y Katoliko,” may pasimula’t pasimula ka. Sasabihin n’yo, “Isa akong born-again na Cristiano,” mayroon at mayroon kang pasimula. Talagang mayroon kang pasimula.

105 Balikan n’yo, tingnan n’yo kung saan ’yun nagsimula. Tayo nga’y bumalik sa pasimula nung kabuoang ’yun. Yamang kung walang denominasyon sa Biblia, kung ganun ay may kung saan na pasimula ang denominasyon. Haya’t nagpasimula ’yun sa iglesya Katoliko. Ang mga Protestante’y usbong lang mula dun.

106 Kaya naman sinabi ng Biblia na siya’y isang babae na may masamang reputasyon, dahil, sa kanyang doktrina, nakagawa siya ng espirituwal na mga pakikiapid. Anong mga pakikiapid? Alalahanin n’yo, natalakay na natin ’yun ngayon. Ang isang babae na nakapanahan kasama ang kanyang asawang lalaki, siya’y itinuturing na gaya sa isang birhen. Siya nga’y di kailan nadungisan, basta’t nabubuhay siya kasama ang isang lalaking ’yun. Pero ano ang itinuturing na di matuwid? Katuwiran, na binaluktot. Sige’t pabayaan siyang mabuhay kasama ang ibang lalaki, at siya’y tiyak na mapapahamak. Kita n’yo? Katuwiran, na binaluktot.

107 Ngayon, kung ang denominasyon ay mali. . . Kung tama kasi ’yun, sinabi na sana ng Diyos, “Ngayon magkakaroon tayo ng mga denominasyon.” At kung. . . Hayan nga’t ang iglesyang Katoliko ay binanggit mismo, sa Biblia, na isang “patotot,” isa ngang di matuwid, dahil ang ibinibigay niya sa kongregasyon niya ay ang sarili niyang teolohiya, at hindi ang Biblia. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, hindi ba’t tumatawa-tawa lang nang mukhaan ang Katoliko sa inyo patungkol sa Biblia? Sinasabi pa nga nila mismo na wala silang pakialam sa sinasabi ng Biblia; haya’t kung ano mismo ang sinasabi ng iglesya, kung anong sinasabi ng denominasyon nila. Buweno, mangyari ngang, papaano n’yo matatawag silang mali kung kayo mismo’y sang-ayon sa bautismo ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” samantalang kinokondena ’yun ng Biblia? Dahil ba sinasabi-sabi rin ’yun ng mga Methodist, sinasabi-sabi ng mga Baptist? Bakit kayo sasang-ayon sa pagwiwisik at sa pagbubuhos, samantalang wala namang ganoon sa Biblia? Wala ngang nabautismuhan sa

pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." Kung ganoon ay bakit ginagawa n'yo?

108 Kita n'yo, 'yan mismo ang dahilan kung bakit di tayo isang denominasyon. Di natin sila pinahihintulutan. Ang kinukuha natin. . . Kapag ang Espiritu'y magpapaaninag ng Liwanag sa Kasulatan, dun tayo sa Kasulatan nananatili at sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Hayan nga. Kaya wala ngang ganung mga bagay. Di 'yun nasusulat sa Kasulatan.

109 Oh, sasabihin n'yo, "Papaano 'yung nasa Mateo 28:19?"

Ngayon, sinuyod na natin 'yan maigi nang sandosenang beses na. Isa 'yang pag-aatas na sinabi ni Jesus. "Magsiyaon kayo, turuan ang lahat ng mga bansa, na binabautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo." Yun ba'y tinupad? Mayroon bang kahit isang tao na nagbautismo sa ganoong paraan? Wala ni isa. Kung ganoon ay may kung anong mali sa kung saan. Tunay, ang Katolisismo mismo ang pasimuno nun.

110 Saliksikin n'yo nga kung mayroon sa buong kasaysayan, hanggang sa panahon ng mga magulang bago-ang-Nicaea, kayo na mga mananalaysay ng kasaysayan. Basahin n'yo ang mga libro tungkol sa mga mga magulang noong panahon bago-ang-Nicaea, at tingnan n'yo, hanggang doon sa hari ng Inglatera. Bawat isa sa kanila'y nagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo hanggang sa iniba ng iglesya Katoliko. At mangyari ngang ang iglesya Katoliko'y may kapangyarihan, ayon sa sarili na rin nila, na magpalit ng kahit na anong gusto nila. At humayo sila na nagbabautismo sa pangalan ng "Ama, ng Anak, ng Espiritu Santo." Nadala 'yun palabas ni Martin Luther. Sumunod si John Wesley. At si Alexander Campbell ay dumating na 'yun din ang dala. At si John Smith, ng iglesyang Baptist, ay sumunod din. Heto ngayon ang Pentecostes na ganun din ang taglay, siyanga.

Pero dumating na ang oras!

111 Tingnan n'yo 'yung mga kandelero, gaya ng tinalakay natin kagabi. Yung unang kandelero ay Liwanag. Padilim 'yun, nang padilim, nang padilim, hanggang sa tumugaygay mismo nang labing-limang daang taon ng madilim na kapanahunan. Tapos, nagsimula na namang magliwanag. At bago mismo ang huling kapanahunan ng iglesya, siya'y nanumbalik muli na naiilawan na. Sa pagitan ng dalawang kapanahunan ng iglesya na 'yun, ang Liwanag ay dumating.

Sundan n'yo ang mga Kasulatan, mula sa iglesyang Efeso, hanggang sa iglesya Tesalonica, pababa hanggang sa madilim na kapanahunan. Bawat isa sa kanila, ang sabi Niya, "Ikaw ay may kaunting kalakasan, pero hindi mo ikinaila ang Aking Pangalan." At dun sa sumunod na iglesya, "Ikaw ay gumawa ng dakilang bagay, anupa't hindi mo ikinaila ang Aking Pangalan." Tumugaygay hanggang sa mga magulang noong panahon bago-

ang-Nicaea. "Hindi mo ikinaila ang Aking Pangalan." Tapos, labing-limang daang taon ng madilim na mga kapanahunan.

Tapos dumating ang iglesyang Lutheran. Ang sabi Niya, "Hindi mo taglay ang Aking Pangalan, pero may sarili kang pangalan." Anupa't hindi na Jesus; kundi Lutheran na, at Katoliko, at Baptist, at Presbyterian. "May sarili kang pangalan na ibinubuhay mo. 'Kami ang buhay na iglesya. Sagana kami. Lumalago kami.' Pero kayo'y patay!" Yan mismo ang sinasabi ng Kasulatan.

112 "Dahil walang ibang pangalan na ibinigay sa ilalim ng Langit sa kalagitnaan ng mga tao, kung saan ang mga tao ay maliligtas." Hindi . . . Di nga kayo ililigtas ng Baptist. Di kayo ililigtas ng Presbyterian. Di kayo ililigtas ng Katoliko. Si Jesus ang nagliligtas sa inyo.

113 Lahat mismo sa mumunting mga libro-libro, mga gawang-tao na mga teorya, 'yun ang inilalagay nila roon, "Ito ang pinaniniwalaan namin." At 'yan ang dahilan kung bakit tayo lumalayo sa ganyan. Wala tayong aklat kundi ang Biblia. Walang pinu-pinuno, walang obi-obispo, kundi ang Espiritu. Ganun nga.

At kaya naman pagkatapos kung may maling espiritu na makakapasok dun, ipagpipilitan nga nung pilipitin ang isang bagay dun, pero aalisin ng Salita 'yun sa pagkakapilipit. "Mali 'yan. Lumayo kayo mula riyan." Kita n'yo? Hayan nga ang Espiritu na dumarating dun, nagsasabi, "Mali 'yan." Saksi mismo, dahil ang ating espiritu ay sumasaksi mismo bilang pagpapatotoo sa Kanyang Espiritu.

Mangyari ngang heto't may isa na darating, sasabihin, "Oh, dapat ganito ang gawin natin. Oh, sa palagay ko ayos lang 'yan kung gawin nila 'yung *ganito*, *ganoon*, o *iba pa*."

114 Pero sasabihin nga ng Espiritu, "May kung anong bagay na mali riyan." Tutugaygay mismo pabalik sa Biblia at dadalhin siya na manatili dun, gaya nga natin. "Haya't mali 'yan. Kayo'y lumayo mula riyan."

Yan ang dahilan kung bakit sinasabi ng Biblia, "Heto ang sa kanya na may karunungan. Heto ang sa kanya na may kaalaman. Heto ang sa kanya na may *ganito*." Hayun nga ang Iglesya, na inilalagak sa kaayusan. Hindi n'yo ba nakikita ang dakilang plano ng Diyos?

115 Ngayon masdan. Ang Kapanahunan ng Iglesyang Filadelfia ay ang kapanahunan ng iglesyang Methodist, ang kapanahunan ng iglesya ng pagkakapatirang pag-ibig, ang repormasyon. Na, ang uring Calvanismo ay umusbong sa iglesyang Anglican sa Inglatera, kung saan wala na silang rebaybal, bumagsak na mismo nang diretso sa pagiging binhing dayami, haya't ibinangon ng Diyos si John Wesley bilang isang legalista, para dalhin ang doktrinang Arminian. At nung gawin niya,

pinatumba niya ’yun mismo sa ulo, at marapat lamang ’yun. Pero ano ngang ginawa niya? Heto nga ang mga Methodist na tumutugaygay, at sadyang napalayo ang takbo sa *ganoong* direksyon gaya niya (ng mga Calvinist) na napunta naman sa *ganitong* direksyon. Ngayon, pero ’yung nasa gitna nun, Methodist pa rin, Baptist pa rin.

116 Nais kong dumako tayo rito sa mga Kasulatan, kunin itong Apocalipsis 3, at makukuha n’yo ito. Ngayon bago lamang ang . . . Ang huling kapanahunan ng iglesya, ang Pentecostal, ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, na tinanggihan.

Pero alalahanin, habang si Jesus ay makikita sa may krus, nakatayo sa may pitong gintong kandelero, haya’t ang pinaka madilim ay yaong pinaka malayo mula sa Kanya, sa kanan Niyang kamay at kaliwa Niyang kamay. “At Siya’y naroon bilang ang Alpha at Omega.” Hindi ng kalagitnaan. “Ang—ang Alpha at Omega,” gaya nga ng kung papaanong Kanyang iniunat ang Kanyang mga kamay. “At Siya’y animo’y batong jaspe at sardio,” na kumakatawan kina Benjamin at Reuben, “ang una at ang huli.” Hayun nga Siya na ang Kanyang mga kamay ay nakaunat. Hayun Siya na nakatayo.

117 Pero alalahanin n’yo, dito sa paglabas nito, huwag kayong malito rito. Dahil, nung tanggapin nila ang mga pangalan nila rito, ng mga denominasyon na ito, mamamatay at mamamatay sila sa siya ring bagay, doon mismo. Pero ang sabi Niya, dito sa kalagitnaan lang ng Methodist at Pentecostal, heto’t lumantad, “Naglagay Ako ng bukas na pinto sa harapan ninyo.” Hayan nga, ang Pangalan ay naipanumbalik muli. “Naglagay Ako ng bukas na pinto. Sapagkat Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Walang sinuman ang makalalapit sa Ama maliban na sa pamamagitan Ko.” Ano ’yun? Ang bukas na pintong ’yun.

118 “Makipot!” Makipot, kung mapapansin n’yo, hindi m-a-t-u-w-i-d. Kundi m-a-k-i-p-o-t. “Makipot ang daan.” Ang kipot, ay tubig.

Papaano? “Pabalik sa Pangalan ni Jesus, na taglay-taglay n’yo noon. Hindi n’yo . . . May taglay kayong kaunting buhay; di n’yo itinanggi ang Aking Pangalan.” Pagkatapos, pagkatapos *dito* ay nawala nila ito, tumugaygay papasok sa denominasyong Katoliko; lumabas tungo sa denominasyong Lutheran, lumabas na naman tungo sa denominasyong Wesley, tapos tumugaygay papasok sa Pentecostal paglaon.

Pero, bago mismo ang wakas ng panahon, ang Binhi’y halos wala na sa lupa. Tila pinaanod ’yun, ang Binhi ng katuwiran. Ang binhi ng serpiyente ay sadyang tumatabon nang pabilis nang pabilis nang pabilis, nakasalang na para sa panahong atomika, para wasakin. “Pero bago ang wakas ng panahon, Ako’y maglalagay ng daan para makaalpas. Ako’y maglalagay sa harapan n’yo ng bukas na pinto. Makipot ang pintuan at

makitid ang daan na ito, at mangyaring kakaunti lang sila na makasusumpong niyaon. Pero malawak ang daan tungo sa pagkawasak, at marami ang patutungo roon." Hayan nga. Bago mismo ito, itong dakilang Liwanag na susulpot.

119 Lubos akong nagagalak. Di ko lang alam kung papaano ito ipakikita, pero galak na galak po ako. Heto na po, oras na pala para magtapos, at di ko pa natatalakay ang paksa ko.

120 Nais ko pong mangusap tungkol sa: *Ang Bautismo Ng Espiritu Santo*. Haya't sisikapin kong talakayin ito, ano't anuman, nang sampu, labinlimang minuto. Ngayon, di ko po kayo pananatilihin dito nang tatlong oras tulad kagabi; sige't sisikapin ko na di kayo panatilihin nang matagal.

121 Ngayon, kung mali ang kuha nila sa pagbabautismo sa tubig, mali kasi ang mga denominasyon. At sinuman na tumataguyod sa naturang mga denominasyon ay ganap na sumusuporta sa maling mga bagay. Ang sinusuportahan nila ay bagay na laban ang Diyos. Yan mismo ang sinasabi rito sa mga kapanahunan ng iglesya. Yan mismo ang sinasabi sa Kasulatan, at tinawag pa nga silang mga patotot, dahil, "Ang itinuturo nila'y Turo't Aral ng mga kautusan ng tao." Ngayon, tayong . . .

122 May pinuntahan akong lugar di pa katagalan, sa isang lalaki na nagpupunta rito, na nagsusulat ng tesis tungkol sa Makalangit na kagalingan. Haya't sabi niya, "May isang bagay lang sa iyo, Kapatid na Branham," sabi, "na puna sa'yo ng mga tao na haya't nagtutungo ka kasi sa mga Pentecostal."

Sabi ko, "Buweno, puwede rin naman akong magtungo sa inyo," sabi ko, "kung susuportahan n'yo ako sa siyudad n'yo."

Sabi niya, "Buweno," sabi, "Naisangguni ko—naisangguni ko na 'yan." Sabi, "Naisangguni ko na 'yan sa obispo ng *isang* simbahan, Methodist na simbahan." Di naman na kailangang magpaligoy-ligoy pa sa bagay na 'yun. Sabi, "Naisangguni ko na, at ang sabi nila, 'Ngayon, alam mo, kami, bilang iglesyang Methodist, di kami naniniwala sa mga himala-himala na 'yan.'"

123 Ngayon anong gagawin mo? Ngayon kayo ba'y makikinig sa iglesyang Methodist, o sa denominasyon? Kung ganyan nga ang gagawin mo, isa kang patotot sa relihiyon. Iniisip n'yo ba na tataguyod sa isang malakihang gawain na ganun ang iglesyang Baptist? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Bakit? Dahil mga Baptist sila. Sinasabi ng Biblia na mga patotot sila. Nanganak siya ng mga babaing anak, at ang itinawag sa kanila ay "mga patotot." Bakit? Pareho lang kasi ang ibinibigay na uri ng turo't aral, gawang-taong doktrina, sa halip na Turo't Aral ng Diyos. Yan ang dahilan kung bakit di tayo nakikipag-denominasyon sa mga Baptist. Yan ang dahilan kung bakit di tayo nakikipag-denominasyon sa mga Methodist.

124 Ngayon, bakit di tayo nakikipag-denominasyon sa mga Pentecostal? Hayan nga. Ganun mismo. Kung ang Pentecostal

ay nanatili lamang sa. . .Kung—kung ang iglesyang Lutheran ay nanatili lamang sa kung saan ito nagpasimula noon, 'yun sana'y ang Pentecostal na sana ngayon. Pero sila'y nagsipag-denominasyon, kaya nagbangon ang Diyos ng panibagong pentecostal, ang Wesley. At pagkatapos nung ang Wesley ay nagpaging denominasyon, nagbangon Siya ng panibago na naman, ang Baptist. Nung nagpaging denominasyon sila, hayan nga't nagbangon Siya ng panibago uli, ang mga Campbellite. Nung sila'y nagsipag denominasyon, nagbangon Siya ng isa na naman, ang Pentecostal. Nung nagsipag denominasyon sila, Siya'y umusad nang umusad. Masdan n'yo lang at tingnan.

125 Di 'yun programa ng Makalangit na Diyos. Wala 'yun sa programa ng Diyos na magkaroon ng mga denominasyon na ito. Kaya, kita n'yo, 'yan ang dahilan kung bakit di tayo isang denominasyon.

126 Tandaan n'yo. Sinabi ko, sa pasimula, ngayon, na kung masasaktan ko kayo, di ko po 'yun sinasadya. Ito po'y para sa iglesya rito. Kung nakaupo kayo riyan, ikinagagalak namin na kayo po'y nariyan, pero ito po ang tinatayuan namin, at dahilan kung bakit di kami isang denominasyon.

127 Ngayon, ang denominasyon, sa simula't sapul, ay huwad, at bulaan ang mga guro. Sinabi ko na makakasakit ito, at hangad ko na ito'y makasakit. Sila kasi'y ganap na mga bulaang mga guro. Sinumang tao na nalalaman 'yan, at tatayo pa rin dun at makikipag kompromiso, sa Baptist, Methodist, Lutheran, o Pentecostal, yamang nalalaman na iba ang itinuturo ng Biblia, isa siyang huwad na propeta. Di dapat maglumagi dun. Ganun nga mismo. Yan ang dahilan kung bakit di ako nakikianib sa mga Assemblies. Yan ang dahilan kung bakit di ako nakikianib sa mga Oneness. Yan ang dahilan kung bakit di ako nakikianib sa Baptist, Methodist, o Presbyterian man, dahil huwad sila. Di ko ibig sabihin na 'yung mga tao nila roon ay huwad. Ang ibig kong sabihin dito'y ang teolohiya nila'y huwad, dahil di 'yun humahambing sa Salita ng Diyos.

Sinabi ni Pablo, "Kung may. . . " May pinuntahan siyang isang lugar noon. . .Sige't ipapakita ko lang sa inyo kung ano ang sabi ni Pablo, bago tayo umusad mula sa pagbabautismo na ito sa tubig.

128 Nung sabihin ni Jesus ang atas, sa Mateo 28:19; si Pedro, sampung araw pagkatapos nun, sabi, "Mangagsisi ang bawat isa sa inyo at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob na Espiritu Santo."

Yung kasunod na beses na nabanggit ang pagbabautismo, ay nung si Felipe na ebanghelista'y humayo at nangaral sa mga Samaritano. At binautismuhan niya ang bawat isa sa Pangalan ni Jesus Cristo. Si Pablo. . .si Pedro'y humayo, o sina Pedro at

Juan, ang ibig kong sabihin, at nagpatong ng mga kamay sa kanila; tinanggap ng mga tao ang Espiritu Santo.

Tapos nagtungo sila roon. Dumiretso si Pedro sa bahay ni Cornelio. At nung si Cornelio . . . "Habang ipinapangusap pa ni Pedro ang Mga Salitang ito, bumaba ang Espiritu Santo sa kanila." Sabi ni Pedro, "Di namin puwedeng hadlangan ang tubig, yamang nakikita na ang mga taong ito'y nagsitanggap ng Espiritu Santo gaya namin sa pasimula." At inutusan niya sila na mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

129 Ngayon, napadaan si Pablo sa hilagang baybayin ng Efeso; may nasumpungan siya roon na mga Baptist. At may—may apostol sila roon sa kanila, apostol ng Biblia, at ang pangalan nito'y Apolos. Isa siyang abogado, na nabago, at pinatutunayan niya sa mga tao na si Jesus ay ang Cristo, sa pamamagitan ng Biblia. Ang sabi niya, "Ang—ang Mesiyas ay tunay namang gagawin ang mga bagay na ito. Kaya ang Lalaking ito ay ang Mesiyas."

130 At may malaking madla sila ng mga tao roon, at sila nga'y nagsisipagbunyi, at naghihiyawan, at talagang nagtatamasa ng maluwalhating panahon. Sina Aquila at Priscila ay nagtungo roon at sumama sa kanila, nakipagbuklod kasama sila. Wala silang denominasyon. Sila'y nagbubuklod. At mangyari nga na nakita nila na ang lalaking ito ay isang dakilang lalaki, oh, siya nga'y matalino, isang abogado, at siya'y—siya'y matalinong tao talaga. Pagkatapos siya . . . Sabi nila, "Ngayon, ikaw, tunay nga na maalam ka sa bagay na nalalaman mo, pero may munti kaming kapatid na nagngangalang Pablo. Sa pagdating niya, siya nga'y may karanasan, alam niya ang sinasabi niya. Kanya kayong tuturuan sa daan ng Panginoon na maging mas klaro, kung mauupo kayo at makikinig sa kanya. Ngayon, huwag n'yo siyang sabihan ng kung ano lang ang puwede niyang sabihin, di siya tumatayo sa ganoon. Kita n'yo? Pero kayo nga'y—kayo nga'y magpaunlak lamang, makinig sa kanya."

131 Tapos dumating si Pablo. Nakinig muna siya sa kanila, nagmasid-masid dun nang minsan.

Sabi niya, "Napaka inam n'yan, pero natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo, kayo na mga Baptist, simula nung kayo'y manampalataya?"

"Oh," sabi nila, "di pa po ba namin natanggap Ito?"

"Mukhang hindi pa." Kita n'yo?

"Buweno, bakit?"

"Buweno, papaano ba kayo nabautismuhan?"

"Oh, nabautismuhan na kami. Nabautismuhan na po."

132 "Buweno, sinong nagbautismo sa inyo? At sa papaanong paraan kayo nabautismuhan?"

Sinasabi ng Biblia, "sa ano." Sa Griyego, o sa orihinal, ang sabi dun, "sa papaanong paraan." At sinasabi rito, "*sa ano*." Sabi, "Sa ano kayo nabautismuhan?" Sa madaling sabi, "Sa papaanong paraan kayo nabautismuhan?"

133 "Nabautismuhan kami ni Juan Bautista, ang siya ring tao na nagbautismo kay Jesus Cristo, sa siya ring tubigan."

Napakainam ngang bautismo 'yun, di po ba? Mukha ngang uubra na, di po ba? Mukha ngang sobrang inam na nun, kung 'yung lalaki'y lumusong sa tubig kasama mismo ang Panginoon nating Jesus Cristo at binautismuhan si Jesus. At Diyos pa mismo ang nagpahintulot, hanggang sa Siya'y bumaba sa anyo ng Espiritu Santo at dumako sa Kanya. At ang sabi pa nga Niya, "Ito ang sinisinta Kong Anak na ikinalulugod Kong panahanan," pagkatapos na pagkatapos nung bautismo na 'yun. Kung sa akin lang ay mukhang uubra na ang bautismo na 'yun.

134 Pero ang sabi ni Pablo, "Di na 'yan uubra ngayon. Di na 'yan uubra."

"Bakit di na uubra?" Kita n'yo?

"Kinakailangan n'yong mabautismuhan muli."

"Ang ibig mo bang sabihin kami, na mga nabautismuhan ni Juan, na nagbautismo kay Jesus, ay kinakailangan na muling mabautismuhan?"

"Ganoon nga."

Sabi, "Sa papaanong paraan kami dapat bautismuhan?"

135 Sabi, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo."

Tapos dinala sila ni Pablo sa dako roon at binautismuhan silang lahat, nang panibago. Mga Gawa 19:5. "At nung marinig nila ito, sila'y nagpabautismo muli, ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At pinatungan sila ni Pablo ng mga kamay, at kanilang tinanggap ang Espiritu Santo."

136 Kung napapayag ni Pablo ang mga kalalakihan at mga kababaihan na mabautismuhan muli, sa Pangalan ni Jesus Cristo; tapos mangangaral ako ng ibang Ebanghelyo, kung ganun ang espiritu ko'y di tugma tulad kay Pablo. "Kilalanin niya na ang isinulat ko ay pawang utos ng Panginoon."

137 At ngayon sa Mga Taga-Galacia 1:8, sabi ni Pablo, "Kung may anghel man mula sa Langit na darating, isang maliwanag na nagliliwanag na anghel." Ano itong tinutukoy niya rito? Isang kapahayagan. Purihin ang Pangalan ng Panginoon! Anupa't kahit na gaanong kainam ang kapahayagan mong 'yan. Naalala n'yo ba dito sa unahan ng gawain natin ngayong umaga, 'yung Urim Thummim? Kung may bagay na darating at malalantad 'yun nang ganap na ganap; siya'y isang sinungaling, isa siyang huwad na anghel, at ang tao na dala-dala ang mensahe na ito'y bulaang propeta. May iisang paraan lang para mabautismuhan,

’yun ay sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kung hindi pa kayo nababautismuhan sa paraan na ’yan, may dakong bautismuhan dito na naghihintay. Siyanga.

138 Huwad! Sige’t hanapan n’yo ako ng isang dako kung saan may kung sino na nabautismuhan kahit kailan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Wala ’yun sa mga banal na Mga Kasulatan. Ano ’yun? Isa ’yung dogma na ang pasimuno’y ang iglesyang Katoliko. Kaya nating patunayan ’yan. Narito sa atin ang buong doktrina ng mga magulang ng panahong Nicene. Narito sa atin ang kasaysayan nito. Narito sa atin ang *Two Babylons* ni Hislop. Narito sa atin ang mga sinulat ni Josephus. Narito sa atin ang sinaunang salaysay ng kasaysayan. At si Josephus nga’y nagsulat noon nung panahon ng Panginoong Jesus. Ang *Two Babylons* ni Hislop, ay isinulat pagkatapos nun. Yung *Ante-Nicene Fathers* ay isinulat pagkatapos nun, bago mabuo ang iglesyang Katoliko. At pagkatapos pumasok sa eksena ang iglesyang Katoliko, at inalis ’yun lahat at ipinalit, ang sarili nila, at ang paganong Roma ay pinaging papal na Roma. At doon ay dinala nila ang huwad na pagbabautismo sa tubig, na pagwiwisik; at mula sa Pangalan ng Panginoong Jesus, pinaging “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Tapos sinabi ni Jesus, sa ilalim ng inspirasyon na ibinigay Niya kay Juan sa Patmos, “Kayo’y may pangalan na ipinamumuhay, pero kayo’y patay.” “Ama, Anak, Espiritu Santo” ay kamatayang pangalan.

139 Hayaan n’yong ikuwento ko sa inyo ang isang personal na karanasan; sa Switzerland, Alemanya, at sa mga lugar na pinuntahan ko.

Papaano gumaganap ang mga manghuhula? Papaano naglalakbay ang masasamang espiritu? Nais kong paniwalaan n’yo ako rito, bilang inyong pastor, dahil sa inyo ko mismo ito sinasabi. Naglalakbay ang masasamang espiritu sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Naggugupit sila ng mga balahibo ng ibon, at kung anu-ano pa, at umuusal ng mga sumpa sa isa’t isa, sa pamamagitan ng pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” na tinatawag ’yung tatlong matataas na pangalan. Ang nanay nga nun ay ang mga iglesyang Katoliko. Nagtutungo sila sa mumunting mga rebulto’t lumuluhod dun, at naggugupit ng mga balahibo ng ibon gamit ang gunting, at ititihaya ’yun nang pabaligtad, at uusal ng mga sumpa sa kanilang kapitbahay, at kung ano pa, kung saan matutupok sila hanggang sa mamatay, at lahat na, sa pamamagitan nun.

140 Sa Switzerland, tumayo ako roon na ang mga kamay ko’y nasa isang haligi, nang *paganoon*, sa dako kung saan ang mga tapat na kalalakihan at mga kababaiha’y namatay, kung saan pinutulan nila sila ng mga dila’t, sinunog ang kanilang mga mata para mabulag, at lahat na, gamit ang maiinit na mga bakal, ng patotot na iglesyang Katoliko. Hindi lang ’yun, pero kayo man na sinaunang Anglican na mga iglesya, rin. At kayo na mga

iglesyang Protestante'y ginawa ang siya ring bagay na 'yun. At inuusal nila ang mga sumpa na 'yun, sa pamamagitan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo."

141 Bilang inyong kapatid at pastor, ako'y nabigyan ng—ng malaking pribilehiyo, sa biyaya ng Diyos, na maproteksyunan sa mga bagay na ito, na anupa't nalalaman ko mismo unang-una ang bagay na sinasabi ko. Hayan nga't, may babae noon, na pumunta sa iglesyang ito, kinokondena ako't ang sabi, "Siya'y nakikipagsapalaran sa espirituwalismo." Alam mismo ng Diyos sa Langit kung ano ang lahat ng ito. Di ko puwedeng isangguni ang sinuman . . . Hindi ko . . .

142 Nung nabanggit nila sa akin ang Pigalle, sa Paris, na ito'y sadyang masama ang reputasyon na lugar, paano ko nalaman? Di pa naman ako nakakapunta dun noon. Pero nagtungo ako roon para malaman ko kung totoo ba o hindi. Nagsama ako ng dalawa o tatlong ministro at nagtungo roon sa mga kababaihan at mga bagay-bagay na hubad na halos sa lansangan at kung anu-ano pa. Totoo nga.

143 Paano ko nalaman na ang Roma ay nasa ibabaw ng pitong burol? Paano ko nalaman na may VICARIVS FILII DEI ang papa? Dahil ba sa may kung sinong nagsabi nun at naniwala ako. Paano ko nalaman ang tatlong-patong na korona ay nasa papa; ang hurisdiksyon daw ng bikaryo ng Langit at lupa at impyerno? Paano ko nalaman hindi ba't nung nagtungo ako mismo at nakita ko 'yun?

144 Paano ko nalaman na may buhay na Diyos? Hindi sa kung kaninong teolohiya, na kung anong intelektuwal na hinuha ng kung anong emosyunal na panahon na naipasa-pasa mula sa isang kapanahunan na nagdaan na, gaya nga ng sinasabi sa atin ng mga taong di nananampalataya. Pero haya't isang araw, doon sa ibayo, nasumpungan ko mismo Siya at nakipag-usap sa Kanya, nang harapan. Yun ang nagpaging iba sa mga bagay-bagay. Yun mismo.

145 Umiiral ang espirituwalismo sa "Ama, Anak, at Espiritu Santo." Nakatayo ako noon sa isang pagtitipon kung saan ang mga mangkukulam ay ginagawa 'yun. Haya't huwag n'yo ngang isipin na di nila kayo hahamunin. Tumayo sila roon. Kanilang pinabalikwas ang isang lamesa sa ere, at pinalutang-lutang; at may gitarang basta na lang tumutugtog. Nakatayo ako roon, at gusto nila akong paalisin. Sabi ko, "Mali kayo." At may espiritu na nagsalita sa kanila pabalik, espiritu na nag-aangking Diyos, na sinasabi Diyos daw 'yun. Sabi ko, "Mali. Ang diyablo 'yan."

Sabi nila, "Aba'y ang lalaking ito'y di mananampalataya."

146 Sabi ko, "Oo't di talaga ako nananampalataya sa ganyang bagay, dahil di 'yan sa aking Panginoon. Pangkukulam 'yan. Sa diyablo 'yan." Sabi ko, "Ngayon, heto't susubukan ko ang makapangyarihang Pangalan na pinagbautismuhan sa akin."

Sabi ko, "Sa pangalan ng 'mataas na Kalangitan,' sabihin mo sa akin ang totoo." Di ako iniimik. Sabi ko, "Sa pangalan ng 'banal na Iglesya,' sabihin mo sa akin ang totoo." Di niya ako iniimik. Sabi ko, "Sa pangalan ng 'Ama, Anak, at Espiritu Santo,' sabihin mo sa akin ang totoo." At di niya ako iniimik. Pero, nung sabihin ko, "Sa Pangalan ni 'Jesus Cristo,' sabihin mo sa akin ang totoo."

147 Sabi niya, "Oo. Mali 'yan." Alam mismo ng Diyos na 'yun ang katotohanan. Siyanga, po.

> Oh, pananampalataya sa Ama, pananampalataya sa Anak,
> Pananampalataya sa Espiritu Santo, ang tatlong ito'y Isa;
> Mga diyablo'y nanginginig, mga makasalana'y nagigising;
> Pananampalataya sa Panginoong Jesus ay kahit anong bagay mayayanig.

Siyanga, po. Manatili kayo sa Pangalan na 'yun.

148 "May taglay kayong pangalan kung saan kayo nabubuhay, pero kayo'y patay." Hayan nga ang inyong iglesya. Hayan nga.

149 Pakinggan. May isang babaing nakaupo. . .Haya't may maiinam, na kalugud-lugod tingnan, na magagandang babae na nakaupo sa simbahang ito sa umagang ito. Mga kabataang babae, mga babaing edad media, matatandang babae, kalugud-lugod silang lahat. Sila marahil ay maybahay ng kung sino, anak na babae ng kung sino, kasintahan ng kung sino, at kung ano pa. Sila nga, bawat isa sa kanila. Pero may iisang Gng. Branham lang na nakaupo rito. Kayo, ang bawat isa, na mga kababaihan. Pero may nag-iisang Gng. Branham lang. Siya ang umuuwi kasama ko sa tahanan. Siya ang nag-iisa kong sinta. Siya ang isa na ito na nagpapalaki sa aking mga anak.

150 Maraming maiinam na mga kaiglesyahan sa mundo ngayon. Pero may nag-iisa lang na Gng. Jesus na magpapabunsod ng tunay, totoong, ipinanganak na muling mga nilalang ng Diyos. Alam n'yo ang ibig kong sabihin, di po ba? Ang pangalan Niya ay di Methodist. Ang pangalan Niya'y di Baptist. Ang pangalan Niya'y Jesus, Gng. Jesus. Tunay, Siya nga. Siya'y magbubunsod ng mga tao, na di miyembro ng iglesyang Methodist. Hindi Siya magbubunsod ng iglesyang Baptist, o Presbyterian, o Katoliko. Magbubunsod Siya ng mga ito, na ipinanganak, at nakaugat at nakasaligan mismo kay Cristo Jesus. Hayan nga Siya. Siya 'yan. Ako'y nagagalak na ako'y kasama sa Kanya. Siya'y isang Iglesyang mistikal. Wala Siyang kung anong denominasyon. Wala't di niya dinadala itong naglalakihan sa kasikatan na magagarbong mga pangalan at naglalakihang mga gusali. Siya nga'y nagtitipon sa tuwing ang mga miyembro ng Katawan ay nagtitipun-tipon na magkakalakip. Sumasamba sila sa Espiritu

at sa Katotohanan. Itinalaga na sila nung una bago itatag ang sanlibutan.

Isa pang Kasulatan, at ipinapangako ko sa inyo na ako'y magtatapos na. At itutuloy ko na lang ang karugtong pa nito mamayang gabi. Leo, puwede mong ituloy na lang mamayang gabi, hayan nga.

151 Dumako tayo sa Mga Taga-Efeso, pansumandali. Basahin lang natin itong isang Kasulatan dito tapos ito'y iiwan ko sa inyo. Nasumpungan natin kung anong sinabi ng Biblia ngayon tungkol dito. Kukunin ko lang itong dakilang tagapagturo na ito, si Pablo, na . . . Wala ngang naging katulad niya kailanman. Siya ang apostol para sa Iglesyang Gentil. Sige. Dumako tayo sa Mga Taga-Efeso 1.

152 Ngayon magtatapos na tayo, sa isang saglit. Pakinggan n'yo ito, minamahal kong kaibigan. Pakinggan n'yo si Pablo na nangangaral sa siya ring uri ng Iglesya na pinapangaralan ko rin, sa umagang ito.

> *Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban . . .* (ng iglesyang Presbyterian ba? Ng *ano* raw bang iglesya?) *. . . ng kalooban ng Dios, sa mga banal* (mga binanal) *na nangasa Efeso, . . .*

Ngayon, alalahanin n'yo, na sila'y nakakalat sa buong mundo. Pero, itong grupo sa Efeso, ang kinakausap niya rito. Ngayon, hindi ang mundo ang kinakausap niya. Di miyembro ng lokal na simbahan ang kinakausap niya. Sinasabi niya ito nang diretso sa mga binanal. Sige't tingnan natin.

> *. . . at sa mga tapat kay Cristo Jesus:*

Papaano tayo makadadako kay Cristo Jesus? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu lahat tayo'y nabautismuhan," namumuhay nang tapat. Papaano mo malalaman na taglay mo ang Espiritu Santo? Dadako tayo riyan marahil mamayang gabi. Kita n'yo? Sige.

> *. . . kay Cristo Jesus:*
>
> *Sumainyo nawa* ang *biyaya, at kapayapaang, mula sa Dios na ating Ama, at . . . sa Panginoong Jesus Cristo.*
>
> *Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo, na* siyang *nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan . . .*

153 Alam n'yo, di naman kailangan ng napakaraming hiyawan. Di naman kailangan ng napakaraming sigawan. Ayos lang 'yan; wala akong kontra diyan. Ayos lang 'yan. Pero hindi 'yun ang kailangan. Ang kailangan ay isang—isang nagpapasakop na puso, na nakaupo sa dakong Makalangit, nagpipiging sa mga bagay ng Espiritu. At saan ba pumipiging ang Espiritu, sa emosyon ba? Hindi kung tutuusin. Haya't nagbubunsod Ito ng emosyon. Kita n'yo? Pero puwede ka kasing . . .

154 Alalahanin n'yo. Naalala n'yo ba 'yung pangitain tungkol sa ulan at sa trigo, ang mapanirang damo? Alalahanin. Nung nangangailangan sila ng ulan, yaong mumunting matinik na damo, na 'yung munti niyang ulo'y nakalaylay nang pababa; yaong trigo ay nakalaylay din ang ulo niya nang pababa. Sa pagdating nung ulan, kapwa sila lumulundag at sumisigaw. Parehong ulan. "Pero sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala mo sila." Masdan.

*Sumainyo nawa* ang *biyaya, . . . mula—mula sa Dios na ating Ama, . . .*

Ngayon matyagan. "Ayon sa . . . " Ika-4 na talata ngayon.

*Ayon sa* pagka *pili niya sa atin sa kaniya . . .*

Sa huling rebaybal ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Huh? ["Hindi."] Nung naging miyembro ba tayo ng Baptist o ng Meth- . . . ? Hindi. "Pinili," bago pa sila nagka tipon. Siyanga.

*. . . bago itinatag ang sanglibutan, . . .*

Pinili na Niya tayo noon pa lang. Hindi, haya't di tayo ang pumili sa Kanya. Siya ang pumili sa atin. Kita n'yo? Pinili Niya tayo bago itatag ang sanlibutan.

*. . . upang tayo'y maging mga banal . . .*

155 Papaano tayo naging banal? Hindi sa pamamagitan ng gawa natin, bagkus sa ginawa Niya para sa atin, dahil di natin kayang gawin 'yun. Paano mo ipagiging tupa ang isang baboy? Kapatid na Roy, nag-aalaga ka ng mga baboy at tupa, pareho. Di mo nga—di mo nga—di mo nga sila maipagsasama. Ang isang baboy nga'y . . . gagala-gala siya sa paligid at kakain-kain ng lahat ng kung anu-anong bagay na makakain niya. Siya'y madadako sa isang tumpok ng dumi at kakain dun hanggang sa mabusog. Buweno, di ka makakaramdam na kawawa naman 'yun. Iisipin mo na ayos lang 'yun at baboy naman siya. Totoo't baboy siya. Ganun nga. Pero wala ka ngang makikita na tupa sa dakong 'yun. Di niya puwedeng imbitahan ang tupa para maghapunan; di ito pupunta. Hindi. Ano ang dahilan? Dahil, siya'y baboy. Sabihan mo man siya na mali siya. "Purihin ang Diyos, isa akong baboy. Kung gusto mo'y mag-isa ka riyan sa dako mo. Sige't humayo ka lang, magpaka holy-roller ka kung 'yan ang gusto mo." Hayan nga.

"Kung iniibig mo ang mundo at ang mga bagay sa mundo, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo," sabi ng Salita.

156 Ngayon, di nga ito sa dahil tumigil ako sa pagkain ng dumi, na 'yun ang magpapaging sa akin na iba sa baboy, kita n'yo, na ibubunsod ako nun na di na ako maging baboy pa. Hindi 'yun ganun. Bagkus kung ang kalikasan ko ay mabago. "Oh, sige't maglalagay sila ng bakod sa palibot ko, sa palagay ko. Kanila akong haharangan. Na di ko na dapat ginagawa 'yung *ganito*"?

Oh, hindi. Hindi ’yun idinadaan sa haharang-harangan ka mula rito. Kinakailangan mong maipanganak na muli. Ganoon nga. Na ika’y nabago mismo. Ganoon nga.

157 Pero kung magagawa mo ngang kunin ang espiritu na ’yun mula sa—mula sa tupa at ilalagay dun sa baboy; ang tupa na ’yun ay gagawin ang siya ring bagay. Gagawin nung baboy ang siya ring bagay na ginagawa ng espiritu ng tupa na naroon sa loob niya, at kung sa tupa nama’y babaling ’yun at gagawin ang siya ring bagay na ginagawa ng baboy.

Ngayon, kita n’yo, kayo na mga baboy, nasaan nga kayo? Kita n’yo? Ganoon nga mismo. Siyanga. Kita n’yo? Lumalabas kayo at kinagigiliwan n’yo ang mga bagay na ito ng mundo, nagsisipagsuot ng mga shorts at ginagawa ang lahat ng mga bagay na ito. Sige ituloy n’yo, ipinapakita lang n’yan kung ano kayo.

158 “Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga ay makikilala n’yo sila. Ang tao ba’y pumipitas ng igos mula sa dawagan?” Kita n’yo? Hindi, hindi. Pumipitas kayo ng mga igos mula sa mga puno ng igos. Kumukuha kayo ng mga mansanas mula sa mga puno ng mansanas. Ang nakukuha n’yo sa mga dawagan ay dawag. Ganoon nga.

Ngayon, pakinggan n’yong maigi ngayon.

> *Na tayo’y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang kaniya, ayon sa* kanyang sarili, *sa* kanyang *minagaling na kaniyang—kaniyang kalooban,*
>
> Na tayo’y itinalaga, *sa* mga *ikapupuri ng* kanyang *kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na sa atin ay* ipinag *kaloob na* masagana *sa minamahal.*

159 Sino ang may gawa? “Dahil nagawa kong tumigil sa paginom ng alak? Dahil nagawa kong huminto sa paninigarilyo?” Hindi. Siya ang may gawa nito. Siya ang gumawa sa akin, bago itatag ang mundo, na masagana’t katanggap-tanggap sa presensya ng Kanyang biyaya. Hindi ito sa ganang nagawa ko. Wala nga ako ni isang bagay na nagawa para dun. Wala akong isang bagay man na ginawa para dun.

Ako’y baboy, kung tutuusin. Ako’y makasalanan, isinilang sa isang pamilya ng mga manginginom, lumaki mismo sa isang imbakan ng moonshine na alak, paupo-upo sa bariles ng wiski, kahiya-hiya. Ganun nga. Taga-gawa ng moonshine na alak sa Kentucky, di nakaranas magsuot ng pares ng sapatos hanggang sa lumaki’t magbinata na ako. Hayun nga’t ang buhok ko’y abot sa leeg ko, paupo-upo roon sa may bariles ng moonshine, gumagawa ng moonshine na alak.

Pero sa kabila nun, dumating sa akin ang Espiritu Santo, sa edad kong pitong taong gulang, ang sabi, “Huwag na huwag

kang hihipo ni gapatak man n'yan. At huwag kang makiayon sa masama kasama ang mumunting mga dalagita na 'yun dun. At huwag kang maninigarilyo o ngunguya man ng tabako." Oh, grabe! Ano 'yun? Ang mabuting kalooban mismo ng Ama, bago itatag ang sanlibutan, na ako'y isusugo Niya para ipangaral ang Ebanghelyo at pangunahan ang Kanyang mga tupa. Pagpalain Siya ng Diyos at, nang mapasa walang hanggan, ang dakilang Pangalan na 'yun! Mananatili't mananatili ako mismo sa Kanyang Biblia, lumubog man o malunod, popular man o di popular. May magmahal man sa akin, o wala, gagawa ako na malulugod Siya. Gagawin ko ang bagay na malulugod Siya.

160 Kung tatanggihan ako ng Baptist, ng Methodist; ng Pentecostal man, sa kanilang "paunang patunay, ng pagsasalita sa iba't ibang wika, na 'yun ang Espiritu Santo." Yan ang dahilan kung bakit di tayo Pentecostal. Di tayo naniniwala na ang pagsasalita sa iba't ibang wika ang patunay na kayo'y puspos ng Espiritu Santo, gaya nga ng kung papaanong di tayo naniniwala na sa pagtira mo sa isang kamalig ay magiging baboy ka. Hindi, po. Gaya nga ng kung papaanong di tayo naniniwala na kung titira ka sa—sa palasyo ng isang hari ay hari ka na agad. Hindi ganun! Puwede kasing tagapagsilbi ka lang doon. Kita n'yo? Puwede kang kung ano. Hindi, ganoon.

161 Naniniwala tayo na matatanggap mo ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng karanasan, hindi sa kung anong gawa-gawang intelektuwal na hinuha patungkol sa Mga Kasulatan, bagkus ay sa pamamagitan ng karanasan na ikaw mismo'y nababatid mo. Ngayon, kung gusto n'yong malaman kung ang Espiritu Santo ba 'yan, antabayanan n'yo kung umaayon ba ang buhay n'yo roon. Sasabihin nun kung anong uri ng espiritu ang pumasok sa inyo.

162 Marahil nakakapagsalita ka ng iba't ibang wika at marahil hindi naman. Pero bakit nagawa ng Pentecostal ang ganoong kateribleng bagay? Hagipin n'yo ito. Bakit nakagawa ng ganun ang Pentecostal? Bakit? Dahil, sa pasimula, noong simulan ng Diyos na ipanumbalik, apatnapung taon ang nakararaan, na ang mga kaloob ay maipanumbalik, may ilan na nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika. At ang pagsasalita sa iba't ibang wika ang pinaka maliit na kaloob, ayon sa pagtuturo ni Pablo, sa sangkabuoan ng mga kaloob. "Ang pinaka maliit sa lahat ng mga kaloob, ang pagsasalita sa iba't ibang wika." Haya't nung magsimula silang gawin 'yun, nasiyahan sila nang husto na ano pa't gumawa sila ng isang denominasyon, at tinawag 'yun na Pangkalahatang Konseho, ang Assemblies of God.

163 Ngayon, nakausap ko ang pinaka maiinam sa kalalakihan nila, pinaka maiinam nilang mga teologo, at sabi nila, "Kapatid na Branham, tama ka. Pero anong magagawa namin ngayon? Kung titindig kami laban dun, sisipain kami palabas. At ano na lang ang iisipin ng simbahan namin sa amin? Samantalang, nagturo kami roon ng taon at taon din, tinuruan namin sila

nang taon at taon din, na, 'Ang katunayan ng Espiritu Santo ay ang pagsasalita sa iba't ibang wika.' Ano na lang kung bigla na lang naming ibahin 'yun ngayon?" Yun nga ang sumpa ng denominasyon.

Purihin ang Panginoon! Wala tayong denominasyon. Haya't ang Espiritu lamang na nangunguna, na tinatanggap natin Ito.

Ang bautismo ng Espiritu Santo ay isa mismong personal na karanasan.

164 Marami na akong nakita na nagsasalita sa iba't ibang wika. Nakita ko pa nga ang mga babaing mangkukulam at mga lalaking mangkukulam. Alinmang pagmimisyon ay batid na batid 'yan, na nakaharap na itong pangkukulam at mga diyablo. Nakita ko na sila mismo na tumayo't nagsalita sa iba't ibang wika, at naghahagis ng duming-lupa sa likod ng kanilang mga ulo, tapos kinukudlitan ang kani-kanilang sarili gamit ang isang panghiwa, tapos nagsasalita sa iba't ibang wika tapos ipinapaliwanag 'yun. Tapos sasabihin n'yong ang Espiritu Santo 'yun? Tunay, na hindi. Sa diyablo 'yun.

Kailanman ay di sinabi ni Jesus, "Sa pamamagitan ng iba't ibang wika nila ay makikilala mo sila," kundi, "sa pamamagitan ng kanilang bunga ay makikilala mo sila." At sabi ng Mga Taga-Efeso 5:1, na, "Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kagandahang-loob, pagtitiis, kaamuhan, pananampalataya, pagpipigil." Tama ba? Hayan nga.

165 Ngayon, kung isa kayong Methodist, na ang mga bungang 'yun ay lumalakip sa inyo, na di na kayo madaling mag-init ang ulo, na animo'y nakikipagtagisan ng lakas ng ngitngit sa isang de motor na lagari; na may pagpapasensya kayo, dahil may pag-ibig kayo, at isinasaalang-alang n'yo ang lahat; na ang una n'yong pag-ibig ay si Cristo, pangalawa n'yo ang kapwa tao, tapos kayo ang pangatlo, at pababa pa gaya nun; na kung ang pag-usad n'yo, ay may taglay-taglay kayong pagpapahinuhod, kagandahang-loob, pagtitiis, pananampalataya. "Grabe," sasabihin n'yo, "ang Espiritu ng Panginoon ay nasa akin. At may Makalangit na kagalingan talaga. Ang Espiritu Santo kasi'y siya rin ngayon."

166 Ngayon, kung sasabihin n'yo, "Sandali lang. Sa church of Christ kasi ako naturuan. Ang mga araw ng mga himala'y lipas na." May taglay kayong diyablo. Ganoon nga.

Sasabihin n'yo, "Buweno, kailangan natin talagang mabautismuhan. Sa Biblia, walang ganyan na pagbabautismo sa pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo.' Nakita ko na ito ngayon. Naroon sa Kasulatan. Ito'y sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Sa lahat ng dako, ito'y sa Pangalan ng Panginoong Jesus."

167 "Sandali lang, sige't sisipain ka namin n'yan palabas ng Assemblies." Kung kaya kang mapayuko nun, may huwad na

espiritu ka sa loob mo. Nakikinig ka sa huwad na katuruan, o sa bulaang propeta.

168 Ngayon, sige't makahanap ka lang ng isang dako kung saan nagbautismo sila noon, sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo," haya't susuko ako sa inyo. Pero ipapakita ko sa inyo, sa bawat dako mismo, na sila'y nabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Ngayon, sinong tama, ang Assemblies ba o ang Biblia?

169 Kung sinasabi n'yo, "Buweno, nawisikan ako. Purihin ang Diyos, napaka inam nun para sa akin. Wala ka lang kasing sapat na edukasyon. Sinasabi ko nga sa'yo, wisikan mo ang mga tao. Ano bang kinaibhan nun, na magbuhos ng tubig o ilubog man sa tubig?"

Wala akong pakialam kung ano ba 'yun—ano ba 'yun sa anyo. Ang sinabi mismo ng Biblia'y bautismuhan. At ang ibig sabihin ng *bautismuhan* ay "ilubog."

Sasabihin n'yo, "Ano namang kinaibhan nun?"

170 Buweno, ano kaya kung—kung noong sabihin ng Diyos kay Moises, "Hubarin mo ang iyong panyapak; nasa dako kang banal"; tapos sasabihin ni Moises, "Ang laking abala naman n'yan. Itong sumbrero ko na lang ang huhubarin ko; aalisin ko pa kasi ang sintas ng panyapak ko"? Mabuti ba ang idudulot nun? Hindi, po. Hindi makikipag-usap sa kanya ang Diyos hangga't hubarin niya muna ang panyapak niya.

At ang Diyos ay di magsasalita sa iglesya hanggang sa 'yun ay maibaling pabalik sa mga artikulo't prinsipyo na inilatag ni Cristo, na haya't di 'yun madenomina ng kung anong emosyon o kung anong denominasyon na hahatakin 'yun sa panig na *ito* at sa panig na *iyon*. Kinakailangan nilang maipanumbalik sa pananampalataya sa mga himala, pananampalataya sa mga tanda, pananampalataya sa Espiritu Santo, pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at sa lahat ng mga bagay na ito. Kinakailangan nilang maipanumbalik Doon, o kung hindi'y hindi makikipag-usap ang Diyos sa kanila. Ganoon nga mismo. Yan ang kinalalagyan ng iglesya.

171 Yan ang dahilan kung bakit di tayo maka-denominasyon. Yan ang dahilan kung bakit di tayo kasapi sa denominasyon. Naniniwala tayo sa Biblia, haya't napakarami pa ngang mga bagay Roon na di natin alam, napakarami pa Nito, pero, kami'y tumitindig nang bukas lang, Panginoong Jesus, Iyo lamang Itong ihayag.

> And we'll walk in the Light, it's a beautiful Light,
> It comes where the dewdrops of mercy are bright;
> Shine all around us, by day and by night,
> Jesus, the Light of the world.

Hindi ang Methodist, mga Baptist, Presbyterian, kundi, si Jesus, ang Liwanag ng daigdig.

All ye saints of Light proclaim,
Jesus, the Light of the world;
Then the bells of Heaven will ring,
Jesus, the Light of the world.

Ang lahat po, sumadiwa kayo sa pagsamba ngayon.

We'll walk in the Light, beautiful . . . (Manatili lang sandali, sige.)
Come where the dewdrops of mercy are bright;
Shine all around us, by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

172 Hindi ba't mas pipiliin n'yo na mapasainyo si Jesus at ang Kanyang Salita, kaysa sa magkamit nitong denominasyon na ideya tungkol dito? Ilan po ang mas nanaisin na mapasainyo si Jesus at ang Kanyang Salita?

Ngayon, subukan n'yong maghanap ng isa mang dako kung saan ang Diyos ay may itinalagang denominasyon. Maghanap kayo ng kung saan man na naglagay Siya ng isang babaing mangangaral o nag-ordena man ng babae, sa mga Kasulatan. Subukan n'yong maghanap ng isa mang dako kung saan may tao na winisikan o binuhusan man. Maghanap kayo ng kahit sino na anupa't nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, saan mang dako, na nabautismuhan ng iba't diba't sa Pangalan ni Jesus Cristo lamang; hindi "Ama, Anak, Espiritu Santo." Subukan n'yong maghanap kung may tao na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." Sige't ipakita n'yo sa akin. Sa lahat ng dako, ang bawat isa'y binautismuhan sa Pangalan ni Jesus.

173 Ngayon dumadako tayo sa mas malalalim pang mga bagay kaysa rito ngayon. Ngayon dumadako tayo rito sa "paunang pagpapatunay," at iba pa, at tingnan lamang kung nasaan na ito.

Ngayon, kung nagtuturo sila ng kontra diyan, nagtuturo sila ng mga bagay na wala sa Biblia.

174 Alalahanin n'yo, isang dako lang ang hinihiling ko sa inyo kung may denominasyon ba. Pakitaan n'yo lang ako ng isa. Kung ganun ay may sino na mali. Hindi ko hinihingi na baka may isa *rito* at isa kaya sa isa *rito*, marahil, kung 'yung isang 'yun ay hindi naman pala. Ipinapakita ko mismo sa inyo. Sige't pakitaan n'yo ako kung may isang dako kung saan man na may denominasyon, tatlong daang taon pagkatapos na mamatay ng pinaka huling alagad. Ipakita n'yo sa akin kung may isa bang denominasyon liban sa iglesya Katoliko na nagpasimula nun. Pakitaan n'yo ako ng kahit isang dako na ang Biblia'y hindi kinokondena ang mga denominasyon. Kung ganoon pala bakit kayo denominasyon?

175 Magpakita kayo sa akin ng isang dako man, ngayon, isang dako, isang dako kung saan may tao na winisikan, para sa ikapapatawad ng kanilang mga kasalanan. Di ko ibig sabihin na isa *rito* at *doon*. Ngayon pakitaan n'yo ako ng isang dako sa buong Kasulatan. Pakitaan n'yo ako ng isang dako sa buong Kasulatan kung saan may sinuman na binuhusan, para sa ikapapatawad ng kanilang kasalanan. Pakitaan n'yo ako ng isang dako kung saan may isa man na nabautismuhan sa pangalan ni Je-. . .ng Ama, Anak, Espiritu Santo. Kahit isang dako lang, isang tao, kung saan may isa na nabautismuhan sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo."

Pakitaan n'yo ako ng isang dako kung saan ang Diyos ay naglagay ng babaing mangangaral sa iglesya, o may nasabi man na ang babae'y maaaring maging ganoon. Saan mayroon?

Isang malaking hamon 'yan. Pero gusto ko ngang makita ang pagkukuwestiyon n'yo, ngayon, na nakalapag mismo rito sa may pulpito, na ipinapakita sa'kin kung nasaan ang isa man sa mga bagay na ito; haya't ngayong gabi, ako mismo'y hihingi ng paumanhin. Kung di ganun, na anupa't di kayo umaabot sa mga panuntunan na 'yun, kung ganun bakit di kayo umabot? Halikayo at maging kalakip namin. Tutal kayo nama'y kaisa, kung tutuusin, sa buong kaposiblehan.

176 Kung ang pangalan n'yo ay naroon sa Aklat ng Buhay ng Cordero, lalakad at lalakad kayo mismo sa Liwanag, makikita't makikita n'yo ang Liwanag. Ihahayag Ito ng Diyos, at lalakad kayo Rito. Ganoon mismo. Kita n'yo?

177 Ngayon ano? Di ko kayo inaakay papunta sa isang iglesya. Inaakay ko kayo pabalik sa Biblia. Ngayon, ano ba ang sinabi ni Pablo? Anong sinabi ni Pablo? "Kung may isang anghel man mula sa Langit na mangangaral ng iba kaysa *Rito*, siya ay matakuwil."

178 Ang sabi ng Diyos, "Ibunsod na ang salita ng bawat tao'y kasinungalingan, at ang Akin ang Katotohanan." Kaya di ko alintana anuman ang sabi-sabihin ng iglesya, Pentecostal man, Baptist, Presbyterian. Ang Salita ng Diyos ang Katotohanan. Bakit nga ba sila nagpasimula ng ganito? Isinaalang-alang kasi ang mga denominasyon.

179 Ang Pentecostal Assemblies of God, ngayon, ay talagang gagawin nila ang lahat ng makakaya nila, na mapatimo ito sa kaibuturan ng puso ng mahuhusay nilang mga tagapagturo, kung di pa nila natatanggap ang dogma ng "paunang patunay: ng pagsasalita sa iba't ibang wika." Alam naman nila na mali 'yun. Di 'yun mananatiling matatag sa gitna ng mga kritisismo. Hindi nga. Mapapatunayan ko sa inyo sa pamamagitan ng Biblia ng Diyos na di n'yo natatanggap ang Espiritu Santo sa pagsasalita ng iba't ibang wika. Wala kasi 'yun Dito. Oh, iniisip n'yo; tunay, siyanga. Ang pagkakasulat nun ay sadya

ngang napakalapit na anupa't ililigaw ang mismong Hirang kung maaari. Kita n'yo?

"Itinago Niya ito mula sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at inihayag sa mga sanggol." Isa itong espirituwal na kapahayagan. Masdan n'yo ang pagtama ng kapahayagan, at masdan n'yo kung papaano ngang nagpapaaninag 'yun ng sinag. Kita n'yo, hayan nga. Kita n'yo? Yan nga ang bagay na dapat n'yong antabayanan, kaibigan, kita n'yo, ang bagay na 'yan diyan.

180 Pinasasalamatan natin ang Diyos para sa Espiritu Santo Na ating Guro. At di nga Siya nagtutungo na lang basta na kukuha ng kung anong munting laon at gawa-gawang ideya, at dadalhin dito at sasabihin "Oh, hallelujah! Heto na ito, mismo, nakasulat mismo rito. Hallelujah!" Ang Espiritu Santo nga'y bumabaling pabalik at dadalhin kayo sa Kasulatan, ilalagay ito sa pagkakaposisyon, sa mismong pagtugaygay sa Kasulatan. Kita n'yo? Doon n'yo nga makukuha ang Katotohanan. Ganoon mismo. "Sapagkat utos sa utos sa utos, at bilin sa bilin sa bilin." Ganoon mismo ang sinabi ng Biblia na pagsasagawa rito.

181 Sasabihin n'yo, "Kinokondena mo ba ang denominasyon?" Hindi, po. "Kinokondena mo ba ang mga babaing mangangaral?" Hindi, po. "Kinokondena mo ba ang pagsasalita sa iba't ibang wika?" Hindi, po. "Kinokondena mo ba ang pagbabautismo sa 'Ama, Anak, Espiritu Santo'?" Hindi, po. Hindi, po. Pero, sinasabi ko nga, kung nalalaman na nila ngayon ang mas nakabubuti, pananagutin sila ng Diyos kung di sila susunod sa Liwanag. Marahil di n'yo alam 'yun hanggang sa oras na ito, pero ngayon alam n'yo na. Kita n'yo?

Ngayon, kung sa palagay n'yo ay di Ito tama, saliksikin n'yo ang mga Kasulatan. Maghanap kayo kung may makikita kayong bahagi, tapos bumalik lang dito at ilapag 'yun sa lamesa na ito ngayong gabi, at titingnan natin kung tama ba o hindi. Tapos inyo nga Itong saliksikin, nang may bukas na diwa, bukas na puso.

182 Ngayon, heto, ngayon, itong pagtuturo na gaya nito ay para sa Branham Tabernacle, kita n'yo, dito lamang, dito mismo. Walang. . .

183 Nais ko nga na di "Branham Tabernacle" ang tawag sana rito. Nais ko na "Ang tabernakulo" lang sana ang tawag, na 'yung pangalan ko'y hindi nakadugtong dun.

184 Inaayos ko lang para itong simbahan ay gawing. . .Alam naman n'yong lahat, na nung bilhin natin ito, binili ko ito nung nagtratrabaho pa ako para sa Public Service Company. At itinayo ko ito, at 'yun lang ang tawag dito dahil idinugtong nila Kapatid na Seward at iba pa ang pangalan ko rito nung ilagay nila 'yun sa titulo roon. Kapag naklaro ko na itong bagay na ito

rito ngayon, itong simbahan ay ibabaling dito, sa komunidad, at ibibigay po; na 'yung pangalan ko ay aalisin na dun.

185 Iniisip ko nga na wala dapat ang pangalan ko sa simbahan na 'yun. Kung tutuusin di dapat "Branham Tabernacle." Dapat simbahan lang, "Ang iglesya ng Panginoong Jesus Cristo," o parang ganun. "Ang tabernakulo ng Panginoon," kita n'yo, "Ang dakong panahanan," "Ang bahay dalanginan," o parang ganun, o kung anong, ibang pangalan. Na ang kongregasyon ang hayaang pumili ng ipapangalan nila. Ang pangalan ko po kasi, isa lang akong—isa lang akong tao. Di karapat-dapat kung tutuusin ang pangalan ko na nakalagay rito, haya't di nga karapat-dapat. Ang dahilan lang kung bakit nakalagay ang pangalan ko rito, at dahil 'yung pangalan ko ang naroon sa may titulo, nakalagay, "Billy Branham." Kita n'yo? At di naman dapat nakalagay kung tutuusin. Hindi, nga. Mas mainam na iglesyang komunidad. Ito, ito nga'y para sa—sa kongregasyon dito.

186 At ang iglesyang ito'y may sariling pamamahala. Wala po ritong lupon ng mga tagapangasiwa o mga diyakono man na mamanduhan kayo kung anong gagawin. Itong iglesya, sa buong kalakipan na pagboboto, ang nagsasabi sa inyo kung ano ang gagawin. Ganoon nga mismo, kung may pagpapasyahan.

187 Halimbawa kung di n'yo gusto ang inyong pastor, at may dalawa o tatlo na may bagay na laban sa pastor, di nga nila 'yun maaaring ipagpasya sa mga diyakono, mga tagapagasiwa, sila'y mga opisyales lang dito. Isa lang ang bilang ng kanilang boto. Yun lang. Siya man ay katulungang pastor, haya't isa lang ang boto niya. Siya ma'y isang ordinaryong dumadalo na nakaupo riyan sa likod. Ang buong kalakipan na pagboboto ng iglesya ang mag-aayos ng problema. At 'yun ang tama. Yun—'yun mismo ang tama. Walang lupon ng mga diyakono ang makakapagpatalsik sa isang pastor, o maski pastor man na makakapagpatalsik ng isang lupon ng mga diyakono. Ang iglesya ang gumagawa nun, sa isang pangkalahatang pagboto nang lakip-lakip.

188 Ito'y may sariling pamamahala. Wala tayong mga obispo. Wala tayong pangkalahatang mga tagapangasiwa. Haya't ang mayroon tayo ay si Jesus. Amen! Siya ang obispo. Siya ang Pangkalahatang Tagapangasiwa. Siya ang Pangulong Pastor. Siya ang Hari. Siya ang Panginoon. Siya ang Tagapagpagaling. Siya ang Lahat-Lahat. At tayo'y Kanyang mga nasasakupan, na nagsisilakad sa Liwanag. Amen.

189 "At Siya ang naglalagay sa loob ng Iglesya." Sa ano? "Sa Iglesya," sa Katawan. "Naglagay roon." Ng ano?

"Unang-una'y mga apostol," ang mga misyunero po. Tayo po'y mayroon n'yan sa iglesya ngayon, isang batang-batang kalalakihan na nakaupo sa likod diyan, isang kaibigan ko, kapatid, ang tawag ko sa kanya ay Creech Jefferies. Yun po ang

una, pinaka mataas na katawagan, isang pagmimisyon. Haya't sasabihin n'yo, "Ang apostol pala'y isang misyunero?" Tunay po. Tingnan n'yo mismo sa diksyunaryo at tingnan n'yo kung ano ang ibig sabihin ng *apostol*; ang ibig sabihin nito'y, "isa na pinadala." Sige't tingnan n'yo, kung ano ang ibig sabihin ng *misyunero*, "isa na pinadala." Parehas. Ang pinaka mataas na atas ay ang misyunero na naglalakbay ng mga karagatan para sa Panginoong Jesus. Mataas, "Unang-una'y mga apostol."

190 "Ikalawa, mga propeta." Ano ang propeta? Isang tagakita. Isa na hindi lang nabansagan . . .

Hindi nga apostol 'yung nabansagan lang na kesyo siya'y misyunero raw tapos nananatili lang sa bahay, kundi isa na talagang nagmimisyon.

At ang propeta, ay isang tagakita.

191 Mga apostol, mga propeta, mga guro, mga ebanghelista, mga pastor, 'yan ang bumubuo sa Katawan.

Sa lokal na katawan na 'yan, hayan nga, may siyam na espirituwal na kaloob. Isa riyan ang karunungan, kaalaman, Makalangit na pagpapagaling, pagsasalita sa iba't ibang wika, pagsasalin ng mga wika, lahat ng iba't ibang mga kaloob na ito na nasa lokal na katawan.

At ang mga apostol na ito, mga pastor, mga guro, at mga ebanghelista, lahat sila'y narito para siguraduhin, na sa mga kaloob na ito, ang mga bagay na ito'y kumikilos nang tama. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] Kung may makita sila na anumang bagay na huwad na sumusulpot, dali-dali nila itong sasawayin, dahil di 'yun ayon sa Kasulatan.

Papupuntahin ang isa na lalakad dito, magsasabi, "Purihin ang Diyos, may langis ako sa mga kamay ko. Tingnan n'yo *rito*. Alam n'yo, naniniwala ako—ako—ako na taglay-taglay ko ang Espiritu Santo, at may langis ako sa aking mga kamay."

192 Makakarinig kayo ng ilan na nagsasabi, "Hindi 'yan base sa Kasulatan." Tama po. "Kunin nga natin 'yun at magpunta sa isang silid dito. Saliksikin mismo natin nang maigi ang mga Kasulatan. Ipakita n'yo sa akin sa mga Kasulatan kung nasaan 'yun, ang katibayan na 'yan ng Espiritu Santo."

193 May isa na magsasabi, "Oh, nakapagsalita ako sa iba't ibang wika. Natamo ko na Ito."

"Ipakita n'yo sa akin na 'yan ang katibayan ng Espiritu Santo." Siyanga.

194 "Oh, tinawag ako ng Panginoon para mangaral," sasabihin ng isang babae.

"Ipakita n'yo sa akin sa mga Kasulatan na may ganyan na ginawa ang kababaihan." Siyanga.

195 “Oh, alam ko na Panginoon ang nagsabi sa akin nito. Ako pa nga’y Kanyang pinagpala nung gabi na ’yun nung ako’y mabautismuhan sa pangalan ng ‘Ama, Anak, Espiritu Santo.’”

“Ipakita n’yo sa akin sa mga Kasulatan kung saan nakasaad na ganoon n’yo dapat gawin ’yun.”

196 “Buweno, kasing inam nga ako ng kahit sino pang iba riyan, at ako’y Methodist, o isang Baptist, o isang Presbyterian. Isa akong Pentecostal.”

“Ipakita n’yo sa akin sa Kasulatan kung saan sinabi ’yan ng Diyos.” Kita n’yo? Ganoon nga. Wala ’yun dun.

197 Ngayon, heto nga ang isang bukas-para-sa-lahat na hamon para sa inyo na mga miyembro ng tabernakulo rito. Heto ang isang bukas-para-sa-lahat na hamon. Ngayon, kung may makita man kayo kahit isang bagay na sa tingin n’yo ay mali, na sinabi ko sa umagang ito, isa man na kontra sa Kasulatan, obligado kayo na ilapag ’yun sa pulpitong ito mamayang gabi. Ganoon nga. Dalhin n’yo at ilapag dito. Ipakita n’yo sa akin sa Kasulatan, talata sa Biblia kung saan may denominasyon, na si Jesus ay nagtatag ng denominasyon, o anuman sa mga bagay na ito na itinuro ko. Na may dako riyan na nagtalaga Siya’t naglagay ng kababaihan sa iglesya, bilang mangangaral; na may dako riyan na itinalaga Niya ang pagwiwisik, pagbubuhos man; o—o anupaman na ganoon na ipinapangusap ko. Ilagay n’yo lang dito.

Tapos, mamayang gabi, tutungo tayo, kung loobin ng Panginoon, sa “bautismo ng Espiritu Santo,” at sa “binhi ng serpiyente, at ng babae.” Sige. Pagpalain kayo ng Panginoon. Ilan po ang napaka inam ng pakiramdam nila?

Oh, I feel like traveling on,
Oh, I feel like traveling on;

Ngayon awitin n’yo ’yan nang may tunay na kaluguran sa Panginoon.

. . . Heavenly home is bright and fair,
And I feel like traveling on.

Oh, I feel like traveling, (Traveling on!)
Oh, I feel like traveling; (Traveling on!)
My Heavenly home is bright and fair,
And I feel like traveling on.

[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

198 Ngayon, may isang bagay lang po mula nung nagkaroon ako ng panahon na magpahinga nitong nakaraang ilang linggo, na nalaman ko, na may kung anong suliranin sa akin. At nais ko pong sabihin ’yun sa aking iglesya. Nakaupo ako sa likod nitong mga puno ng roble at hikarya, dito kung saan po ako nag-aaral, “Saan ba ako unang nagkamali? Anong nagbunsod sa akin na magkamali? Ano kaya ’yun?” Alam n’yo ba kung

ano 'yung nasumpungan ko na bagay na nagbunsod sa akin na magkamali? May tinatawag kasing lumalampas-lampas sa mga bagay-bagay. Alam n'yo ba 'yun? Yun bang sinisikap n'yo na maging sapat na mainam lang, at sinisikap mismo na maging mabait, at pagkatapos ay sumusobra 'yung pagka mabait. At dahil dun naibubunsod ko na masamantala 'yun ng mga tao. Kita n'yo?

Haya't sasabihin nila, "Buweno, Kapatid na Branham, pumunta po kayo rito. Sinabi sa akin ng Panginoon na sabihin ito sa iyo."

"Buweno, sige, kapatid, pupunta ako."

"Oh, Kapatid na Branham, huwag kang pumunta *dun*, dapat *dito*."

199 "Buweno, marahil di dapat ako pumunta dun." Kita n'yo? At di mo tuloy malaman kung ano bang gagawin mo. Yun ang nagbubunsod ng pagka nerbiyos sa akin.

Ako po'y nagtutungo sa kung saan ako pinangungunahan ng Panginoon na tumungo, at di ko alintana anuman ang sabi-sabihin ng kung sino tungkol dito. Kita n'yo? Ganoon po. Para, di ako makasakit ng damdamin.

200 At tapos may napansin pa akong isang bagay. Yung mga anak ko roon sa itaas ay parang naging mga nerbiyoso na rin, nagugulantang sa gabi, at lahat na, dahil pasok-labas ang mga tao sa bahay roon, anumang oras, napakaraming tao ang kung saan-saan galing. Di ko naman masisisi ang mga tao dahil dun, ang mga tao'y may sakit. Pero kinakailangan naming ilagay sa ayos ang lahat.

At dito sa simbahan, kapag nagpupunta ako para magdaos ng pagtitipon, haya't, para bang kinakailangan kong lumabas nang palihim, para makalabas lang ng simbahan, dahil 'yung mga tao'y pinapanatili ka, at *ganito* at *ganoon* daw. Haya't ako po'y pagod, at kung minsan kalalabas ko lang sa isang gawain ng pagpapagaling, at para bang di maganda ang nagiging trato ko sa kanila, sinasabi ko . . .

"Naku, Kapatid na Branham, ang sabi ng Panginoon . . . "

"Sige. Kapag nagtipun-tipon uli tayo rito, pumunta ka lang sa . . . " Di po maganda 'yun. Di ko dapat gawin 'yun. Di natin dapat gawin 'yun.

201 Ngayon gumawa na tayo ng iskedyul para mailagay 'yun sa kaayusan. At ngayon, tandaan n'yo, sinuman na may pagnanais na . . . Haya't gusto ko pong makipagkita sa lahat kung tutuusin. At gusto ko talagang magkaroon ng oras, at makipag-usap sa mga tao. Pero kapag ganito, di mo magagawa. Haya't kukuha ka halimbawa ng isa roon, at, malalaman mo na lang, ubos na ang lahat ng oras mo sa isa lang, at—at di mo na tuloy nakasalamuha ang iba. At di po tama 'yun. May mga tao na

ang layo-layo pa nang pinanggalingan, para makipag-usap lang sa iyo nang kaunti. At kung ang Diyos ay—ay nagkaloob sa mga tao na ’yun ng tiwala sa akin, para sampalatayanan ’yun, karapat-dapat naman sila sa kaunting panahon para makausap tungkol sa turo. Di mo sila dapat itinataboy, na sasabihin, “Hindi, di ako nakikipagkita sa kahit kanino.” Di tama ’yun. Dahil, ikinatatakot ko nga na gawin ’yun, dahil . . .

May magpupunta nga’t magsasabi, “Ngayon, ang sabi sa akin ng Panginoon, Kapatid na Branhan, na dapat gawin mo ang *naturang*, *naturang* bagay. Ito po—ito po ang kalooban ng Panginoon ngayon.” Haya’t sasabihin po sa akin ng Panginoon ang Kanyang kalooban. Kita n’yo?

202 Si G. King, ilan po ang nakakaalala kay R. A. King, na dati siyang nagtutungo rito, na tumungo na siya rito noon? Sabi niya . . . Ako po’y may binubuong bangka dun, isang beses. Sabi niya, “Ngayon, Kapatid na Branham, dapat buuin mo ’yang bangka na ’yan ayon sa sariling espesipikasyon mo.”

203 Sabi, “Nagbubuo rin ako noon . . . O, may lalaki noon na may binubuo siyang bangka isang beses, tapos may isa pang lalaki na napadaan, sabi, ‘Dapat *ganito* ’yung pagkakatabas ng mga gunwale.’ Buweno, ganoon nga ang ginawa nung lalaki. Tapos may isa na naman na ang sabi, ‘Oh, dapat *ganito* ang gawin mo, sa lahat, ’yung—’yung tadyangan at sa lahat. Dapat *ganito* ’yung porma ng bangka, at *ganito* dapat ’yung katawan, at ’yung ulo, at ’yung tagiliran, at ’yung—’yung timon.’”

204 Tapos sabi niya, “Yun ang pinaka kalunus-lunos na nakita ko kahit kailan, nung matapos ’yun nung lalaki.” Sabi, “Kaya iniuwi na lang niya ’yung bangka at dinala niya sa bakuran. At kanyang sinimulan muli gamit ang mga lagari niya, panibago na namang pagtatabas.”

205 Sabi, “May dumating uli at ang sabi, ‘Sa palagay ko, *ganito* mo dapat ito buuin.’ Sabi, ‘Haya’t ’yung isang ’yan, kung kani-kaninong turo ang nagbuo n’yan, ’yang isa na ’yan na nasa bakuran. Kaya itong isang ito ay binubuo ko ayon sa iniisip ko kung paano ba ito buuin.’” Ganoon nga.

206 Ngayon, ang Dios, kung nais Niya akong gumawa ng isang bagay, sasabihin Niya sa akin kung ano ang gagawin. Kung iniisip n’yo po na mali ako sa ginagawa ko, o parang ganun, ipanalangin n’yo ako, na Diyos ang magtuwid sa akin. Kita n’yo? Dahil di ako puwedeng makinig na lang sa kung sinu-sino na marami.

207 Ngayon, kayo rito sa iglesya marahil, siguro isa o dalawang tao lang ang kailangan n’yong pakinggan, pero dito sa mga pinupuntahan ko ay makasampung ilang libo po. Kaya paano ko gagawin ’yun? Mangyari nga na sinasabi ko, “Bago ako magpasya ng sagot para sa isang tao, mauupo muna ako’t pag-aaralan ’yun, titingnan kung sa aling daan ako pangungunahan

ng Espiritu Santo. Tapos sasabihin ko ’yun sa lalaki o sasabihin dun sa babae, anuman ’yun, at ’yun ang pasya ko. Paninindigan ko ’yun. Tama, mananatili ako roon.”

208 Ngayon, ’yung mga panayam itinatakda ang mga ’yun. Sino man na nais makipagkita sa akin, ganap na ayos lang, kung tatawag kayo sa BUtler 2-1519. Hanapin n’yo lang po dun sa direktoryo ng telepono at hanapin n’yo ang William Branham, BUtler 2-1519, magi-iskedyul po tayo ng mga panayam. [Ang numero ng telepono ay nabago na—Pat.] Ililista ’yun, ilalagay mismo kung anong oras at kung saan ito. At puwede po akong makipagkita sa bawat isa, makikipag-usap sa kanila, ako po’y tutulong sa mga problema nila’t mga bagay-bagay. Pero di nga puwede na magpupunta ako at mananatili nang buong araw sa isang tao lang, at apat o limang oras sa isang *ito*, tapos lilipat dun sa naka-iskedyul nang kasunod na araw. May nakalaan po tayong *sapat* na panahon. Tinatanong namin sila kung ano ang gusto nila, at kung gaanong kahabang oras, at tutungo roon. At bawat isa’y mapupuntahan. May ganoon tayo.

209 At ang lalaki na sumasagot ng telepono ay si G. Mercier, o G. Goad, na nakaupo riyan. Haya’t ini-iskedyul nila ’yun sa kuwaderno ko rito, siyanga, para sa mga panayam, at ako po’y nakikipagkita sa bawat isa dun.

210 Kung espesyal ang kaso, kung nataon ’yun sa oras na may gawain para sa pananalangin, para sa mga maysakit, dalhin n’yo ang mga maysakit n’yo at ang mga nagdadalamhati n’yo at anyayahan sila na makinig nang isang gabi o dalawa, siyanga. Mananalangin tayo para sa mga kasong ganyan na kailangan ng agarang tugon.

211 Pero heto nga, matapos ang nasa dalawang gabi, gusto kong simulan ang aking bagong pagmi-ministeryo, at gusto kong dalhin uli sila sa silid na ito. Dahil, batid n’yo naman ang pangitain. Ilan po ang nakakaalala dun sa pangitain? Tunay, naaalala n’yo. Tungkol dun sa munting tolda sa loob ng silid.

212 Ngayon, isasama ko po si Meda, sa unang gabi, dahil mga kababaihan ang uunahin na papapasukin dun. At pagkatapos kung. . . Titingnan kung may bisa ’yun sa kanya dun sa loob. At pagkatapos kung hindi gumana, sa ganoong paraan, haya’t babaling ako at magpapapasok ng dalawang kababaihan sa oras na ’yun, dalawang kababaihan ang papasok nang sabay, dahil pumapasok sila sa isang dako na may lalaki. Kita n’yo? At mangyaring, siyanga’t, malinis ang pag-iisip natin. Pero ang diyablo nga’y walang ganoong pag-iisip sa dako sa labas, kita n’yo, kaya ano na lang ang iisipin niya, kita n’yo, at ano na lang ang sasabihin ng mundo.

Pero ito po’y isang pagmi-ministeryo na di ko puwedeng ipangalandakan sa publiko. Walang kahit sinong tao ang maka gagaya nito. Kita n’yo? Wala, po. Wala. Alam ko na naroon na

mismo ito sa paglalakip ngayon. Kapag tatanaw nga ako roon ay halos abot-kamay ko na mismo. Ito'y halos narito na.

213 Kagabi nanaginip ako bago ako bumangon ngayong umaga, Kapatid na Neville. Ako'y—ako'y may napanaginipan pong panaginip. At naisip ko na ang pagmi-ministeryo . . . Di ko na maalala 'yung ginagawa ko. Pero, kung anuman 'yun, oh, hayan nga't nababanggit n'yo 'yung mga bagay na magaganap, di pa ako nakakakita nang ganoon. Nagising ako na umiiyak, talaga pong nagpupuri. Natapik ko ang maybahay ko sa mukha nang kamay ko, nang *paganoon*—nang *paganoon*, na haya't talagang nagpupuri sa Diyos, habang nakahiga roon.

Oh, talagang batid ko—batid ko na may bagay mismo rito na abot-kamay na at talagang maaabot na. Magiging higit na dakilang bagay 'yun kaysa sa mga naganap na. Magiging kamangha-mangha 'yun. Naniniwala ako na ang Diyos ay may napipintong gagawin na dakila. Pero ngayon tayo po'y tumugaygay lamang dun nang buo ang diwa, nang may katalinuhan, at wasto mismo sa Salita ng Diyos. Tumpak. Oh, minamahal natin Siya talaga.

214 Ngayon alalahanin n'yo, kung mayroon man sa mga kaibigan n'yo o sinuman na nagnanais na makipagkita sa akin at gusto nilang makipag-usap sa akin tungkol sa kung anong munting bagay nang sarilinan, patawagin n'yo sila sa BUtler 2-1519 at magi-iskedyul ng panayam sa isang dako. [Ang numero ng telepono ay nabago na.—Pat.] Di ko kasi sila mapapapunta sa bahay, at sa tabernakulo man dito, dahil kapag nagpupunta kayo rito . . .

Atrasado po ako kung mangaral. At naglulumagi ako rito, dahil di ko kayo madalas na nakakasama. At napapanatili ko kayo nang matagal sa abot ng nakakaya ko, para dalhin ang bawat Salita. Dahil, mga kaibigan, ito lang 'yung tanging oras na magagawa natin ito. Balang araw wala nang ganito, malapit na. Dadako na tayo mismo sa libis, doon mismo. Tingnan n'yo 'yung mga pumanaw na mula nung nakaraang taon, na dati'y narito pa. Kita n'yo? Mangyari nga na tumutugaygay na tayo roon sa may libis. Ngayon na 'yung panahon para gawin ito. Ngayon na 'yung panahon para masagawa ito. At, ngayon, 'yan ang dahilan kung bakit pinapanatili ko kayo nang matagal.

215 Sasabihin n'yo, "Buweno, 'yan, may Kasulatan ba para diyan?"

Mayroon, mangyaring si Pablo ay buong gabing nangaral, isang gabi. At may lalaking nahulog mula sa gusali, ikinamatay niya. Ilan ang nakakaalam nun? Buong magdamag mismo! Pinuntahan ni Pablo at ipinatong niya ang katawan niya dun sa lalaki, pinakiramdaman niya, 'yung puso niya'y nagsimulang pumintig kasabay nung pintig ng puso ng lalaki, ang sabi, "Hindi, siya'y . . . "

*Ang Bautismo Ng Espiritu Santo* TAG58-0928M
(The Baptism Of The Holy Spirit)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Setyembre 28, 1958 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org